TAGALOG

# ANG IYONG BIBLIA




AN ICI CORRESPONDENCE COURSE

# ANG IYONG BIBLIA

ni L. Jeter Walker

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE
P.O. BOX 1084,
MANILA

Copyright 1969 by the International Correspondence Institute
Springfield Missouri 65802

RE-PRINT JULY, 1991
Philippines

CL 2120-TA

# MGA NILALAMAN


| ARALIN | | PAHINA |
|---|---|---|
| 1 | ANG PAG-AARAL NG AKLAT NA ITO | 5 |
| 2 | MGA PAKINABANG SA PAG-AARAL NG BIBLIA | 9 |
| 3 | ANG AKLAT NA IPINAG-KALOOB NG DIYOS | 16 |
| 4 | PAANO MASUSUMPUNGAN ANG NAIS MO SA BIBLIA | 30 |
| 5 | ANG MGA AKLAT NG MATANDANG TIPAN | 44 |
| 6 | ANG MGA AKLAT NG BAGONG TIPAN | 70 |
| 7 | PAANO NATIN MALALAMAN NA ANG BIBLIA AY SALITA NG DIYOS? | 89 |

Mahal na Mag-aaral ng ICI:

Nais mo bang malaman kung paano makatutulong ang Biblia sa iyo? Bakit at paano naisulat ang Biblia? Ano ang nilalaman nito? Ano ang mga katibayan na ang Biblia ay Salita ng Diyos? Kung nais mong malaman ang mga sagot sa mga tanong na ito, pag-aralan ang kursong "ANG IYONG BIBLIA," malaki ang maitutulong sa iyo nito.

Iyong matutuklasan na ang kursong ito ng Biblia ay may ibang paraan ng pag-aaral ng Biblia. Ang paraang ito ay subok na mabisa ng mga nagpatalang mag-aaral ng ICI sa buong sanlibutan.

Sa kaliwang bahagi ng bawa't pahina, iyong makikita ang impormasyon ng bawa't paksa ng pag-aaralan. Ang paglalagyan ng sagot ay sinadyang inilaan sa bawa't pahina upang iyong punan.

Mayroon pa ring isinamang hiwalay na pahina ng pagsusulit sa katapusan ng bawa't aklat. Mangyaring punan ang mga hiwalay na papel ng pagsusulit na ito at ipadala kaagad sa International Correspondence Institute, P. O. Box 1084, Manila.

May mga pagkakataon na ang mga alituntunin ng aralin ay nagmumungkahi sa iyo na gumawa ng mga tanging gawain, tulad ng "pagsaksi kay Cristo sa kapwa," "magpuri sa Diyos," "manalangin" o "magsaulo ng talata sa Biblia." Anoman ang hinihiling sa iyo na gawin, mangyaring gawin agad ito. Iyong matutuklasan na habang sinusunod mo ang mga alituntunin, ito'y magiging pakinabang mo sa maraming kaparaanan.

"ANG IYONG BIBLIA" ay magagamit na isang buong aklat-aralin, subalit ang paksa nito'y hinati sa dalawa: apat na aralin sa una at tatlong aralin sa ikalawa.

Patnugot ng ICI

# UNANG ARALIN

# ANG PAG-AARAL NG AKLAT NA ITO

Ang kursong ito na hango sa Biblia ay may pagkakaiba ng pagkasulat. Gayon pa man, aming natitiyak na madali ninyong matutuhan at kayo'y masisiyahan sa kaparaanan ng pagkahanda ng pitong araling ito. Basahin ang pitak ng impormasyon at tumuloy agad sa pitak ng mga tanong. Isulat ang iyong mga sagot sa inilaang susulatan mo. Huwag kalilimutang ibigay ang hinihiling ng impormasyon para sa hiwalay na pagsusulit o tala ng mag-aaral sa dagdag na mga pahinang isiningit sa bawa't aralin. Pagkatapos mong pag-aralan ang ibabaw na bahagi ng bawa't pahina, ipagpatuloy na basahin ang ibabang bahagi ng pahina.

Ang bawa't aralin ay may sapat na mahahalagang impormasyon tungkol sa iyong Biblia. Pabayaang ang aralin ng ICI ang iyong maging guro. Sa mga hugis-rektangulo na 'mga puwang na nasa bawa't pahina, iyong makikita ang diin ng impormasyon tungkol sa "ANG IYONG BIBLIA". Paminsan-minsan, maaaring ang aralin ay magtatanong upang sanayin ang iyong memorya at tulungan kang makatanda ng mabuti sa mga sagot ng mga tanging paksa.



### Unang Impormasyon

Kapag hindi ka nakatitiyak kung ano ang tamang sagot, muling basahin ang aralin ng ICI. Paminsan-minsan, ikaw ay pamimiliin ng sagot mula sa maraming maaaring tamang sagot o ng tamang salita upang mabuo ang pangungusap.

Ito'y ilan lamang sa mga paraan ng ICI sa paghahamon sa iyo upang mapanatili kang maliksi at makatanda ng tamang sagot.

### Unang Tanong

Kung maraming maaaring maging katugunan o paraan upang mabuo ang isang pangungusap, ano ang dapat mong gawin?

a) Tanggaping tama ang lahat
b) Piliin mo ang tamang sagot sa tanong o mga salita upang mabuo ang pangungusap.

### Unang Sagot

______________

______________

______________

______________

______________

______________

______________

---

### Ika-2 Impormasyon

Ang mga katanungan ay tungkol sa iyong nabasa sa mga balangkas ng impormasyon. Kung hindi mo alam ang tamang-sagot, basahing muli ang balangkas ng impormasyon at saka muling sagutin.

### Ika-2 Tanong

Kung hindi mo masagot ang isang tanong, ano ang dapat mong gawin?

a) Hanapin mo ang wastong kasagutan.
b) Isulat mo ang iyong sariling mga kuro-kuro
k) Basahing muli ang balangkas ng impormasyon at saka muling sagutin.
d) Hulaan ang sagot o kaya'y laktawan na lamang ito.

### Ika-2 Sagot

______________

______________

______________

______________

**Ika-3 Impormasyon**

Isulat sa isang kuwaderno ang bilang ng tanong at ang titik na nagsasaad ng sagot na iyong napili. Isulat mo halimbawa ang 2-k bilang sagot sa ikalawang tanong.

**Ika-3 Tanong**

Ano ang dapat mong isulat sa kuwaderno sa pagpili ng iyong sagot?

a) Ang buong parirala.
b) Ang bilang ng tanong at ang titik ng sagot na sa palagay mo'y siyang tama.
k) Ang iyong sariling palagay tungkol doon.

**Ika-3 Sagot**

______________

______________

______________

______________

______________

______________

______________

---

**Ika-4 na Impormasyon**

Pagkatapos na isulat ang iyong sagot, buksan ang pahina ng Mga Tamang Sagot at ihambing ang iyong sagot dito. Guhitan ng X kung ang iyong sagot ay mali upang ito'y mapag-aralang muli.

**Ika-4 na Tanong**

Pagkatapos na isulat ang bilang at titik ng iyong sagot, dapat mong

a) ipagpalagay na ang iyong sagot ay tama.
b) basahin ang pahina ng mga tamang sagot at ihambing ang iyong sagot dito, kung mali ito'y guhitan ng X.

**Ika-4 na Sagot**

______________

______________

______________

______________

______________

______________

______________

### Ika-5 Impormasyon

Ang paraang ito ay madali. Ang mga mag-aaral ay nawiwili at madaling matuto sa paraang ito, kaysa ibang mga paraan.

### Ika-5 Tanong

**Ang makabagong paraan ng pag-aaral na ito**
**a) ay tulad ng laro at ang mag-aaral ay hindi gaanong natututo.**
**b) ay nakawiwiling tulad ng laro at ang mga mag-aaral ay higit na madaling matuto kaysa ibang mga paraan.**
**k) ay napakahirap at nakayayamot.**

### Ika-5 Sagot

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

---

### Ika-6 na Impormasyon

Kapag ikaw ay bihasa na sa paraang ito, madadalian ka sa mga aralin. Kung inaakala mong mahihirapan ka pa rin, humingi ka ng tulong sa isang kaibigan, at humingi ka rin ng tulong sa Panginoon.

### Ika-6 na Takdang Aralin

**Kapag nakaligtaan mo ang mahigit sa tatlong kasagutan, pag-aralan mong muli ang araling ito bago gawin ang kasunod. Sa mga susunod na mga aralin tiyakin na may sagot ang lahat ng mga tanong at gawin ang lahat ng takdang aralin.**

## MGA TAMANG SAGOT SA UNANG ARALIN

**Unang Sagot**

b) Piliin mo ang tamang sagot sa tanong o mga salita upang mabuo ang pangungusap.

**Ika-2 Sagot**

k) Basahing muli ang balangkas ng impormasyon at saka muling sagutin.

**Ika-3 Sagot**

b) Ang bilang ng tanong at ang titik ng sagot na palagay mo'y siyang tama.

**Ika-4 na Sagot**

b) basahin ang pahina ng mga tamang sagot at ihambing ang iyong sagot dito, kung mali ito'y guhitan ng X.

**Ika-5 Sagot**

b) ay nakawiwiling tulad ng laro at ang nag-aaral ay higit na madaling matuto kaysa ibang mga paraan.

---

# IKA-2 ARALIN

# MGA PAKINABANG SA PAG-AARAL NG BIBLIA

**Ika-7 Tanong**

Ano ang tinutukoy ng araling ito?

a) Bakit dapat magkaroon ng Biblia ang tao?
b) Paano ipagbibili ang Biblia?
k) Paano ang pag-aaral ng Biblia?
d) Bakit dapat pag-aralan ng lahat ang Biblia?

**Ika-7 Sagot**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

---

**Mga Pakinabang**

Ang pakinabang ay may buting magagawa sa iyo. Tayo ay magtatala ng walo sa maraming mga PAKINABANG na matatanggap natin sa pag-aaral ng Biblia.

**Ika-8 Takdang Aralin**

Kopyahin ito:

Tinapay para sa kaluluwa
Kasiyahan
Kalapitan ng Diyos
Nagpapalakas ng loob
Saligan
Inspirasyon
Katotohanan
Kasiguruhan



**Tinapay para sa Kaluluwa**

Ang Biblia ay tinapay para sa kaluluwa. Habang ito'y ating binabasa, tayo'y tumatanggap ng kalusugan at kalakasan para sa kaluluwa't katawan. Ang ating buhay espirituwal ay nananangan sa tinapay na ito.

**Ika-9 na Tanong at Takdang Aralin**

Ang Biblia ay ....... para sa kaluluwa.

Saulohin ito:

Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Diyos. Mateo 4:4.

**Ika-9 na Sagot**

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

---

**Kasiyahan**

Matatamo natin ang tunay na kasiyahan mula sa pagbabasa ng Biblia. Ito'y sulat ng pag-ibig ng Diyos sa atin. Ito'y magandang babasahin na may nakahahalinang mensahe ng Diyos na nagbibigay ng buhay.

**Ika-10 Tanong at Takdang Aralin**

Ang pangalawang pakinabang ay nagdudulot ng ..... na matatamo natin sa pagbabasa at pag-aaral ng Biblia.

Saulohin ito:

Pagkatamis ng iyong mga salita sa aking lasa. Mga Awit 119:103.

**Ika-10 Sagot**

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

## Kalapitan ng Diyos

Nadarama natin ang kalapitan ng Diyos kapag binabasa natin ang Kanyang Salita. Siya ay naroroon at nangungusap sa atin ng sarilinan. Ito ay isa sa pinakadakilang pakinabang na maiisip natin.

## Ika-11 Tanong

**Piliin sa ibaba ang ikatlong pakinabang na tinanggap natin mula sa pagbabasa ng Biblia.**
**a) kamangmangan**
**b) kalituhan**
**k) kalapitan ng Diyos**

## Ika-11 Sagot

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

---

## Nagpapalakas ng Loob

Ang Salita ng Diyos ay nagpapalakas ng ating loob. Ipinakikita Niya sa atin ang Kanyang pagkalinga at sinasabi Niyang: "Hindi ka dapat matakot. Ako'y sumasaiyo at tutulungan kita."

## Ika-12 Tanong

**Basahin ito ng tatlong ulit.**
**Huwag kang matakot, sapagka't Ako'y sumasaiyo; huwag kang manlupaypay, sapagka't Ako'y iyong Diyos; Aking palalakasin ka; oo, Aking tutulungan ka; oo, Aking aalalayan ka ng kanang kamay ng Aking katuwiran. Isaias 41:10.**
**Ang Biblia ay ...... ng loob.**

## Ika-12 Sagot

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

**Saligan**

Sinabi ni Jesus na ang

Kanyang Salita ay isang tiyak na saligan ng ating paniniwala at pamumuhay. Ang hindi naniniwala sa Biblia ay tulad sa isang bahay na walang saligan.

**Ika-13 Tanong**

**Itinuro ni Jesus na ang makatatayo ng matatag na bagyo ay tulad sa matibay na bahay na nagtayo ng kanilang buhay sa**

**a) mga gawain ng ibang tao.**

**b) mga palagay ng agham.**

**k) saligan ng Kanyang Salita.**

**Ika-13 Sagot**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

---

**Inspirasyon**

Napakaraming makata, manunugtog at mga pintor ang nakatanggap ng inspirasyon sa Biblia. Sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ang Diyos ay nagbigay ng inspirasyon sa pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa ating mga puso.

**Ika-14 na Tanong**

**Ano ang umaakay sa tao na umibig, manampalataya, at umasa sa Diyos, na binibigay sa atin ng Biblia?**

**a) Kasiyahan**

**b) Inspirasyon**

**k) Saligan**

**Ika-14 na Sagot**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

**Katotohanan**

Ang katotohanan na masusumpungan natin sa Biblia ay tumutugon sa ating mga mahahalagang tanong, at nagbibigay sa atin ng kahulugan at layunin ng buhay. Ito ay nagpapalaya sa atin mula sa kamangmangan at kamalian.

**Ika-15 Tanong**

Sauluhin ito:
Makikilala ninyo ang katotohanan at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo. Juan 8:32.
Ang . . . . . . . . na matatagpuan natin sa Biblia ay nagpapalaya sa atin mula sa k . . . . . . . . . t k. . . . . . . . . .

Ika-15 Sagot

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

---

**Kasiguruhan**

Makasusumpong tayo ng tunay na kasiguruhan sa Salita ng Diyos, habang tayo ay pinapatnubayan nito sa kaligtasan kay Cristo at sa walang hanggang tahanan sa langit; ito ang ating "tabak at kalasag" laban sa kasalanan at kay Satanas.

**Ika-16 na Tanong**

Nakasumpong ka na ba ng kasiguruhan sa Salita ng Diyos? Yamang ito ay napakahalaga ukol sa iyong kapakanan, ano ang binabalak mong gawin sa Biblia?

a) Basahin ito araw-araw, paniwalaan, pag-isipan, at sundin ang mga payo nito.
b) Basahin ito paminsan-minsan
k) Kalimutan ito.

Ika-16 na Sagot

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

# "ANG BIBLIA" AY TINAPAY SA KALULUWA



## MGA TAMANG SAGOT SA IKA 2 ARALIN

**Ika-7 Sagot**

d) Bakit dapat pag-aralan ng lahat ang Biblia?

**Ika-9 na Sagot**

tinapay

**Ika-10 Sagot**

Kasiyahan

**Ika-11 Sagot**

k) Kalapitan ng Diyos

**Ika-12 Sagot**

nagpapalakas

**Ika-13 Sagot**

k) saligan ng Kanyang Salita.

**Ika-14 na Sagot**

b) Inspirasyon

**Ika-15 Sagot**


Katotohanan
kamangmangan
kamalian

**Ika-16 na Sagot**

Ikaw ang bahalang mag pasiya nito.

## IKA-3 ARALIN

# ANG AKLAT NA IPINAGKALOOB SA ATIN NG DIYOS



### Ang Banal na Biblia

Ang Banal na Biblia ay isang maliit na aklatang binubuo ng animnapu't anim na aklat. Tinatawag natin itong ang Biblia, ang Banal na Kasulatan, at ang Salita ng Diyos.

### Ika-17 Tanong

**Ilang aklat mayroon sa Banal na Kasulatan?**

**a) Dalawampu't pito**
**b) Tatlumpu't siyam**
**k) Animnapu't anim**
**d) Pitumpu't apat**

### Ika-17 Sagot

______________
______________
______________



---

### Ang Banal na Biblia

Ang salitang Biblia ay nangangahulugang mga aklat. Ang Banal ay tumutukoy sa isang bagay na ating iginagalang sapagka't ito ay pag-aari ng Diyos.

### Ika-18 Tanong

**Ang pamagat na "Banal na Biblia o Banal na Kasulatan" sa aklat na ibinigay sa atin ay nangangahulugang**

**a) ang aklat ng mga banal.**
**b) dalawang matatandang aklat.**
**k) mga aklat na pag-aari ng Diyos.**

### Ika-18 Sagot

______________
______________
______________
______________
______________
______________
______________

**Kinasihan ng Diyos**

Ang animnapu't anim na mga aklat na ito ay banal sapagka't ito ay kinasihan ng Diyos.

Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos. 2 Timoteo 3:16.

**Ika-19 na Takdang Aralin**

**Sauluhin:**

**Sapagka't ang hula ng mga propeta ay hindi nagbuhat sa kalooban ng tao; ito'y galing sa Diyos at ipinahayag ng mga taong kinasihan ng Espiritu Santo. 2 Pedro 1:21.**




---

**Kinasihan ng Diyos**

Humigit kumulang sa apatnapung mga lalaki ang kinasihan ng Espiritu upang sulatin ang Biblia. Ibig sabihin ay ibinigay sa kanila ng Espiritu Santo ang mga kaisipan at mga Salita na nais ng Diyos na kanilang isulat.

**Ika-20 Tanong**

**Kung sinasabi nating ang Biblia ay kinasihang Salita ng Diyos, ating binibigyan ng diin na**

**a) ito'y nagsasabi sa atin tungkol sa Diyos.**
**b) nagsalita ang Diyos sa mga taong sumulat nito ng dapat nilang sabihin.**
**k) nagsasalita ang Diyos sa atin sa pamamagitan nito.**

Ika-20 Sagot

_______________
_______________
_______________
_______________
_______________
_______________
_______________

**Kinasihan ng Diyos**

Ang unang mga aklat ay nasulat may 1,500 mga taon bago isilang si Cristo. Ang huling mga aklat ay nasulat naman may 100 mga taon pagkatapos na si Cristo ay isilang.

**Ika-21 Tanong**

**Ilang taon ang lumipas mula ng isulat ang unang aklat ng Biblia hanggang sa isulat ang huling aklat?**

**a) May 50 mga taon**
**b) May 500 mga taon**
**k) May 1,600 mga taon**

**Ika-21 Sagot**

---

**Kinasihan ng Diyos**

Ang apatnapung manunulat ay kinabibilangan ng mga hari at mangingisda, mga manggagawa at politiko, mga kawal at saserdote, mga makata, mga magsasaka at mga mangangalakal.

**Ika 22 Tanong**

Sino ang mga taong kinasihan ng Diyos upang isulat ang Biblia?

a) Apatnapung lalaki na nagtipon at samasamang gumawa sa proyektong ito.
b) Limangpung mga saserdote at mga propeta.
k) Animnapu't anim na magsasaka at mga politiko.
d) Apatnapung lalaki na may iba't ibang tungkulin at hanapbuhay at mula sa iba't ibang panahon ng kasaysayan.

**Ika-22 Sagot**

### Kinasihan ng Diyos

Ang mga isinulat nitong apatnapung lalaki ay may iisang paksa: ang kaugnayan ng Diyos at tao. Sila'y ganap na nagkasundo sa paksa, sapagka't ang Diyos ang Siyang nangasiwa ng dapat sabihin ng bawa't manunulat.

**Ika-23 Tanong**

**Ang mga lalaking ito na may iba't ibang karanasan at hilig ay nagkaisa sa paksang susulatin at hindi nagkasalungatan sapagka't**

**a) ang Diyos ang tunay na May-akda, at isinulat lamang nila ang sinabi Niya sa kanila.**
**b) ang bawa't isa ay nag-iwan ng mga aral para sa susunod na mga manunulat.**

Ika-23 Sagot

________________________
________________________
________________________
________________________
________________________
________________________
________________________
________________________

---

### Ang Dalawang Tipan

Ang kahulugan ng tipan ay kasunduan. Ang Biblia ay nahahati sa dalawang Tipan, Matanda at Bago. Narito ang kasunduang ginawa ng Diyos sa tao.

**Ika-24 na Tanong**

**Ang Matandang Tipan at Bagong Tipan ay nagbibigay ng kasaysayan at mga kondisyon ng**

**a) mga kasunduan ng Diyos sa tao.**
**b) mga tipan ng Egipto at Israel.**
**k) huling habilin ng unang panahon ng mga hari.**
**d) mga ebolusyon ng relihiyon ng tao.**

Ika-24 na Sagot

________________________
________________________
________________________
________________________
________________________
________________________

### Ang Dalawang Tipan

Ang Matandang Tipan ay ipinagkaloob sa mga Hudyo, na tinagurian ding mga Hebreo o mga Israelita. Sila ay pinili ng Diyos upang tumanggap ng Kanyang mga katotohanan, isulat ang mga ito, at ituro ito sa iba.

### Ika-25 Tanong

**Anong uri ng mga tao ang pinili ng tumanggap ng kapahayagan ng Diyos at ng kasunduan ng nasa Matandang Tipan?**

**a) Ang mga Hebreo o mga Israelita**
**b) Ang mga Cristiano**
**k) Ang mga Filisteo**

### Ika-25 Sagot

_______________
_______________
_______________
_______________
_______________
_______________
_______________

---

### Ang Dalawang Tipan

Ang Matandang Tipan ay sumasakop sa kasaysayan at mga kondisyon ng kaugnayan ng Diyos sa tao mula sa pagkalalang hanggang sa pagdating ng Tagapagligtas na siyang gagawa ng panibagong kasunduan.

### Ika-26 na Tanong

**Ang mga kondisyon ng kaugnayan ng Diyos sa tao sa Matandang Tipan ay kailangang maipatupad**

**a) magpakailanman nang walang pagbabago.**
**b) hanggang isugo ng Diyos ang Kanyang Anak ang Tagapagligtas, upang pagkalooban ang tao ng panibagong kasunduan at tulungan siya na matugunan ang mga kondisyon.**

### Ika-26 na Sagot

_______________
_______________
_______________
_______________
_______________
_______________
_______________

### Ang Dalawang Tipan

Ang Bagong Tipan ay nagsasaad ng kasaysayan at mga kondisyon ng bagong kasunduan na ginawa ng Diyos sa lahat ng tumanggap sa Kanyang Anak na si Jesu-Cristo bilang kanilang Tagapagligtas.

### Ika-27 Tanong

**Saan nakalagay ang mga kondisyon ng pakikipagsundo ng Diyos sa mga tumanggap kay Jesu-Cristo bilang kanilang Tagapagligtas?**

**a) Nasa Matandang Tipan**

**b) Nasa Bagong Tipan**

### Ika-27 Sagot

---


### Ang Dalawang Tipan

Ang Bagong Tipan ay batay sa Matanda. Ipinaliliwanag nito ang kaugnayan ng dalawang kasunduan at isinasalaysay ang katuparan ng maraming hula sa Matandang Tipan.

### Ika-28 Takdang Aralin

**Mula sa talaan ng mga nilalaman sa unahang mga pahina ng Biblia, hanapin kung saang pahina nagpasimula ang Bagong Tipan.**

**Magsanay sa pagbuklat ng iyong Biblia. Ang Matandang Tipan ay 3/4 ng Biblia.**



### Ang Dalawang Tipan

Yamang tayo ay nasa ilalim ng mga kasunduan ng Bagong Tipan ngayon, itinatagubilin namin na ito muna ang basahin. Gayon pa man, ang Matandang Tipan ay maraming mahahalagang aralin para sa atin.

### Ika-29 na Tanong

Tayo ay nasa ilalim ng kasunduan ng ——— Tipan ngayon, subali't binabasa natin ang buong Banal na Kasulatan sapagka't ang lahat ng ito ay kinasihan ng Diyos.

Sauluhin:

Ang mga bagay na ito nga'y nangyari sa kanila na pinakahalimbawa at pawang nangasulat sa pagpapaalala sa atin. I Corinto 10:11.

### Ika-29 na Sagot

_______________

_______________



### Pamamahagi ng Biblia

Dapat tayong magpasalamat sa mga tao ng Diyos na tumanggap ng Salita ng Diyos, nag-ingat nito at namahagi nito sa ibang bansa.

### Ika-30 Tanong

Sino ang dapat nating pasalamatan sa pagkakaroon natin ng Biblia?

a) Ang mga Scriba ng Matandang Babilonya.
b) Ang mga tao ng Diyos na tumanggap nito, nag-ingat nito, at namahagi nito sa iba!
k) Ang mga pilosopong Griyego.

### Ika-30 Sagot

_______________

_______________

_______________

_______________

_______________

_______________

**Pamamahagi ng Biblia**

Ibig ng Diyos na yaong may Biblia ay ipamahagi ito sa iba. Kaya nga ito ay ating pinag-aaralan, itinuturo at mayroon tayong mga Samahan ng Biblia na nagsasalin at naglalathala nito.

**Ika-31 Tanong**

**Bakit natin pinag-aaralan at itinuturo ang Biblia at mayroon tayong mga Samahan ng Biblia?**

**a) Sapagka't iyon ay mabuting paraan upang makaakit ng maraming mga kaanib sa ating iglesya.**

**b). Sapagka't ibig ng Diyos na lahat ng may taglay ng Kanyang Salita ay ipamahagi ito sa iba sa lahat ng dako.**

**Ika-31 Sagot**

---

**Mga Salin**

Nais ng Diyos na ang bawa't isa ay magkaroon ng Biblia sa kanyang sariling wika upang maunawaan ito. Ipinagkaloob Niya ang Matandang Tipan sa mga Hebreo sa kanilang sariling wika.

**Ika-32 Tanong**

**Kinasihan ng Espiritu Santo ang sumulat ng Matandang Tipan at ito'y nasulat sa**

**a) wika ng mga anghel**

**b) wikang Latin.**

**k) wikang Hebreo.**

**d) wikang Ingles.**

**Ika-32 Sagot**

**Mga Salin**

Nang malaunan, ang wikang Griyego ang naging pangkalahatang wika sa panig na iyon ng daigdig. Ang Bagong Tipan ay nasulat sa wikang Griyego na gamit ng karaniwang tao noon.

**Ika-33 Tanong**

**Upang ang mga karaniwang tao sa maraming bansa ay makaunawa ng Bagong Tipan, kinasihan ng Diyos itong mga manunulat na gamitin**
**a) ang wikang Hebreo.**
**b) ang tanyag na wikang Griyego ng mga dalubhasa.**
**k) ang wikang Griyego ng mga karaniwang tao.**

Ika-33 Sagot

______________________

---

**Mga Salin**

Yamang karamihan sa atin ay hindi nakaunawa ng wikang Hebreo at Griyego ngayon, ang Biblia ay isinalin sa mga wikang ating nauunawaan - may 1,300 wika ang mga ito.

**Ika-34 na Tanong**

**Ang Biblia, o isang aklat lamang nito ay naisalin na sa 1,300 mga wika sapagka't**
**a) ang Salita ng Diyos ay para sa lahat ng tao sa lupa, nais Niyang ito ay mapasakanilang wikang kanilang maunawaan.**
**b) ang Bibliang Griyego ay mataas ang halaga.**

Ika-34 na Sagot

______________________

## Mga Salin

Ang mga wika ay nagbabago. Hindi natin nauunawaang mabuti ang mga lumang salin kaya nga't tayo ay nagsasalin ng panibago, upang ito ay madali nating maunawaan.

**Ika-35 Tanong**

**Maraming iba't ibang salin ang Biblia sa Ingles sapagka't**
**a) binabago ito ng mga tagapagsalin upang maging akma sa sarili nilang paniniwala.**
**b) ang wika ay nagbabago, kaya't isinasaling muli ang Aklat ng Diyos sa wikang nauunawaan ng mga tao.**

**Ika-35 Sagot**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

---

## Mga Salin

Ang pinakatanyag na salin sa Ingles ay ang saling "King James Version." Ang aklat na ito ay sumipi sa Matandang Tipan ng saling Tagalog mula sa King James Version at ang Bagong Tipan naman ay sinipi sa Tagalog Popular Version New Testament (Mabuting Balita Para Sa Ating Panahon).

**Ika-36 na Takdang Aralin**

**Ito ang halimbawa ng dalawang salin. Gumamit ng iba't ibang salin ng Biblia sa pag-aaral.**
**a) "Mag-ingat ka sa iyong sarili at sa iyong turo." Isinalin sa Tagalog mula sa King James Version.**
**b) "Maging maingat ka sa iyong pagkilos at pagtuturo." Tagalog Popular Version New Testament (Mabuting Balita Para sa Ating Panahon).**

**Ika-36 na Sagot**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

### Mga Salin

Lahat ng mga salin ng Biblia, Matanda at Bago, Protestante at Catolico, ay magkakatulad. Bawa't isa'y naglalayong maisalin ang wastong kahulugang nasa orihinal na Griyego o Hebreo.

### Ika-37 Tanong

**Pinasasalamatan natin ang Diyos sa lahat ng mga saling ito. Sa paghahambing sa bawa't isa, nauunawaan natin ang Biblia nang lalong mabuti sapagka't sinisikap ng bawa't taga pagsalin na maisalin ang tamang kahulugan ng orihinal na nasa wikang H........ o G.........**

### Ika-37 Sagot

________________

________________

________________

________________

________________

________________

________________

---

### Ang Apocripa

Ang ilang salin ng Catolico ay kasama ang Apocripa. Ito'y mahalagang aklat pangkasaysayan nguni't walang katibayan na kinasihan ng Diyos.

### Ika-38 Tanong

**Walang kasamang Apocripa ang mga salin ng Protestante at ilang salin ng Catolico sapagka't**

**a) ang mga aklat na ito ay hindi mahalaga.**

**b) ito'y walang katibayan na kinasihan ng Diyos.**

**k) ang mga ito ay lubhang mahahaba.**

### Ika-38 Sagot

________________

________________

________________

________________

________________

________________


________________

**Mga Tala**


Ang ilang Biblia ay may mga talang makatutulong sa ating ikauunawa ng mahihirap na bahagi. Maaaring mabuti ang tala nguni't yao'y hindi kinasihan at maaaring mali.

**Ika-39 na Takdang Aralin**

**Ipanalangin ang mga samahan ng Biblia sa kanilang gawaing pagsasalin, paglalathala at pamamahagi ng Mga Kasulatan. Pasalamatan ang Diyos sa pagkasalin ng Kanyang Salita sa inyong sariling wika.**




---



Sapagka't ang hula ng mga propeta ay hindi nagbuhat sa kalooban ng tao; ito'y galing sa Diyos at ipinahayag ng mga taong kinasihan ng Espiritu Santo.

2 Pedro 1:21

## MGA TAMANG SAGOT SA IKA-3 ARALIN

**Ika-17 Sagot**

k) Animnapu't anim

**Ika-18 Sagot**

k) mga aklat na pag-aari ng Diyos.

**Ika-20 Sagot**

b) nagsalita ang Diyos sa mga taong sumulat nito ng dapat nilang sabihin.

**Ika- 21 Sagot**

k) May 1,600 mga taon

**Ika-22 Sagot**

d) Apatnapung lalaki na may iba't ibang tungkulin at hanapbuhay at mula sa iba't ibang panahon ng kasaysayan.

**Ika-23 Sagot**

a) ang Diyos ang tunay na May-akda, at isinulat lamang nila ang sinabi Niya sa kanila.

**Ika-24 Sagot**

a) mga kasunduan ng Diyos sa tao.

**Ika-25 Sagot**

a) Ang mga Hebreo o mga Israelita.

**Ika-26 na Sagot**

b) hanggang isugo ng Diyos ang Kanyang Anak, ang Tagapagligtas, upang pagkalooban ang tao ng panibagong kasunduan at tulungan siya na matugunan ang mga kondisyon.

**Ika-27 Sagot**

b) Nasa Bagong Tipan

**Ika-29 na Sagot**

Bagong

**Ika-30 Sagot**

b) Ang mga tao ng Diyos na tumanggap nito, nagingat nito, at namahagi nito sa iba!

**Ika-31 Sagot**

b) Sapagka't ibig ng Diyos na lahat ng may taglay ng Kanyang Salita ay ipamahagi ito sa iba sa lahat ng dako.

**Ika-32 Sagot**

k) wikang Hebreo.

**Ika-33 Sagot**

k) Ang wikang Griyego ng mga karaniwang tao.

**Ika-34 Sagot**

a) ang salita ng Diyos ay para sa lahat ng tao sa lupa, nais Niyang ito ay mapasakanilang wikang kanilang nauunawaan.

**Ika-35 Sagot**

b) ang wika ay nagbabago, kaya't isinasaling muli ang Aklat ng Diyos sa wikang nauunawaan ng mga tao.

**Ika- 37 Sagot**


Hebreo
Griyego

**Ika-38 Sagot**

b) ito'y walang katibayan na kinasihan ng Diyos.

# IKA-4 NA ARALIN

# PAANO MASUSUMPUNGAN ANG NAIS MO SA BIBLIA




**Ika-40 Takdang Aralin at Tanong**

**Ang mga aklat ng Biblia ay nahahati sa mga kabanata at talata upang makita natin agad ang ating hinahanap. Tingnan ang unang aklat sa iyong Biblia, Ang Genesis. Ilan ang kabanata ng Genesis?**

Ika-40 Sagot

**Mga Sanggunian sa Biblia**

Sa karamihang salin, ang pagbabasa ay nahahati sa maikling bahagi na may mga bilang sa kaliwa. Ito ay tinatawag nating mga talata o mga teksto.

**Ika-41 Takdang Aralin at Tanong**

**Tingnan ang unang kabanata sa iyong Biblia. Ito ba'y nahahati sa mga talatang may bilang? Ilang talata mayroon sa unang kabanata ng Genesis?**

**Ika-41 Sagot**

---

**Mga Sanggunian sa Biblia**

Maaari tayong sumangguni sa alinmang talata ng Biblia sa pamamagitan ng pagbibigay ng; una, pangalan ng aklat. saka isunod ang bilang ng kabanata at ang bilang ng talata. Ito ang sanggunian ng Biblia.

**Ika-42 Takdang Aralin**

**Sa iyong Biblia, hanapin ang Genesis, kabanatang 2, talatang 17. Ito ay nagsisimula sa:**

**a) Datapuwa't sa kahoy ng . . . . .**
**b) Sa bawa't malinis na hayop . . . .**
**k) At nilikha ng Diyos ang kalawakan . . .**
**d) At ang lupa ay . . . .**

**Ika-42 Sagot**

**Mga Sanggunian sa Biblia**

Ang kababasa mong sanggunian ay nakasulat na Genesis 2:17, Nilalagyan natin ng tutuldok (:) ang pagitan ng bilang ng kabanata at bilang ng talata.

**Ika-43 Takdang Aralin at Tanong**

**Hanapin mo ngayon ang sumusunod na sanggunian sa unang aklat ng Bagong Tipan. Mateo 1:21. Basahin mo ito. Ito'y tumutukoy**

**a) kay Jesus at sa kanyang mga alagad.**
**b) sa sali't saling lahi ni Jesu-Cristo**
**k) sa kapanganakan ni Jesus.**

**Ika-43 Sagot**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

---

**Mga Sanggunian**

Ang bilang sa pasimula ng aklat ay binabasa nang: Unang, Ikalawang, o Ikatlong. I Timoteo 2:8 ay binabasa nang: Unang Timoteo, ikalawang kabanata, talatang walo.

**Ika-44 na Takdang Aralin at Tanong**

**Hanapin ngayon ang unang kabanata ng Matandang Tipan. Basahin ito hanggang makita mo ang talata na nagsasabing: "At sinabi ng Diyos, magkaroon ng liwanag, at nagkaroon ng liwanag." Isulat ang sanggunian ng talatang ito.**

**Ika-44 na Sagot**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

**Mga Sanggunian**

Sa pagsangguni sa isang buong kabanata, o mga kabanata, hindi natin ginagamit ang tutuldok. Ang Genesis 1, 2 ay tumutukoy sa dalawang nauunang kabanata ng Genesis.

**Ika-45 Takdang Aralin at Tanong**

**Hanapin ang huling kabanata ng huling aklat sa Banal na Kasulatan. Isulat ang sanggunian.**

**Ika-45 Sagot**

_______________

_______________

_______________

_______________

_______________

_______________

_______________

---

**Mga Sanggunian**

Gumagamit tayo ng kuwit sa pagitan ng mga talata na nasa iisang kabanata kung hindi hihigit sa dalawa ang magkasunod na talata. Genesis 1:1,2,4.

**Ika-46 na Tanong**

**Isulat ang sanggunian para sa Mateo, ikalawang kabanata, talatang una at ikalima.**

**Ika-46 na Sagot**

_______________

_______________

_______________

_______________

_______________

_______________

_______________

**Mga Sanggunian**

Ang kuwit sa pagitan ng dalawang huling talata ng sanggunian ay binabasa nang "at". Sa pagbasa ng Mateo 2:1,5,6, ay sinasabi nating "Ikawang kabanata ng Mateo, talatang una, ikalima at ikaanim.

**Ika-47 Tanong**

**Paano mo babasahin ang Juan 3:1,2,10?**

a) Juan tatlo, una, ikalawa, ikasampu.
b) Juan, ikatlong kabanata, mga talatang una, ikalawa at ikasampu.
k) Juan ikatlo, una, ikalawa at ikasampu.
d) Juan tatlo, una at ikalawa at ikasampu.

Ika-47 Sagot

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

---

**Mga Sanggunian**

Gumagamit tayo ng gitling sa pagitan ng mahigit na dalawang magkasunod na talata at binabasa ito ng tuluyan, kaya't ang Juan 1:1-3 ay binabasang Juan unang kabanata, talatang una hanggang ikatlo.

**Ika-48 Takdang Aralin at Tanong**

**Ang sanggunian sa unang apat na talata ng Bagong Tipan ay Mateo 1:1-4. Hanapin ang sumusunod na mga sanggunian sa iyong Biblia at sabihin kung ilang talata mayroon sa bawa't isa:**

a) Ang Genesis 8:18-22 ay mayroong ——
b) Ang Genesis 8:18, 22 ay mayroong ——

Ika-48 Sagot

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

### Mga Sanggunian

Ang mga talata o teksto na mahigit sa isang kabanata ay ibinubukod sa pamamagitan ng tuldok-kuwit (;). Ang Mateo 1:21; 2:1-6 ay tumutukoy sa pitong talata na nasa dalawang kabanata.

### Ika-49 na Takdang Aralin

**Hanapin at basahin ang Mateo 1:21, 2:1, 3:13, 16. Ang apat ng talatang ito ay tungkol kay**

**a) Jesus, sa mga Pariseo, kay Juan Bautista, at sa mga alagad.**
**b) Jesus, sa mga Pantas, Juan Bautista, at sa Espiritu Santo.**
**k) Jesus, Jose at sa mga pastol.**

### Ika-49 na Sagot

_______________

_______________

_______________

_______________

_______________

_______________

_______________

---

### Mga Panggilid na Sanggunian

Ang mga Bibliang ginagamit sa pag-aaral ay may mga panggilid na sanggunian na nasa gitnang dako o sa ibaba ng pahina, upang makatulong sa paghahanap ng ibang talata na mayroong magkatulad na paksa.

### Ika-50 Tanong

**Ang maliit na titik sa ilang mga salita sa talata ng Biblia ay para sa paghahanap mo ng katulad na titik sa gilid. Doon ay matatagpuan mo ang mga sanggunian sa**

**a) ibang mga talata sa Biblia na mayroong katulad na paksa.**
**b) mga aklat na mababasa tungkol sa paksang iyon.**

### Ika-50 Sagot

_______________

_______________

_______________

_______________

_______________

_______________


_______________

### Concordancia

Ang concordancia ay isang pagkakaayos ayon sa titik ng mga pangunahing salita sa Biblia. Sa ilalim ng bawa't salita ay may mga sanggunian at mga parirala kung saan ito ginagamit mula sa Genesis hanggang sa Pahayag (Apocalipsis).

### Ika-51 Takdang Aralin

**Tingnan ang iyong Biblia kung ito ay may panggilid na sanggunian at Concordancia. Ito'y mahahalagang tulong sa mga nag-aaral, sa mga guro, mangangaral, at sa mga nag-aaral patungkol sa ministeryo. Punan ang iyong "Tala ng Mag-aaral" para sa araling ito.**



## MGA TAMANG SAGOT SA IKA-4 NA ARALIN

**Ika 40 Sagot**

Limampu

**Ika-41 Sagot**

Tatlumpo't isa

**Ika-42 Sagot**

a) Datapuwa't sa kahoy ng . . .

**Ika-43 Sagot**

k) sa kapanganakan ni Jesus

**Ika-44 na Sagot**

Genesis 1:3

**Ika-45 Sagot**

Pahayag (Apocalipsis) 22

**Ika-46 na Sagot**

Mateo 2:1,5

**Ika-47 Sagot**

b) Juan, ikatlong kabanata, mga talatang una, ikalawa at ikasampu.

**Ika-48 Sagot**

Ang Genesis 8:18-22 ay may limang talata.
Ang Genesis 8:18,22 ay may dalawang talata.

**Ika-49 na Sagot**

b) Jesus, sa mga pantas, Juan Bautista at sa Espiritu Santo.

**Ika-50 Sagot**

a) ibang mga talata sa Biblia na mayroong katulad na paksa.

# MAHALAGANG PATALASTAS

Kapag napag-aralan mo na ang unang bahagi, mangyaring tapusin ang Tala ng Mag-aaral at Pagsusulit para duon. Ipadala ang pagsusulit ng "ANG IYONG BIBLIA" sa ICI PHILIPPINE NATIONAL OFFICE, P. O. BOX 1084, MANILA.

Mangyari sanang maglakip ng taus-pusong kaloob para sa gawaing panlabas ng ICI. Nagbibigay ang ICI ng mga aralin sa Biblia sa libu-libong mag-aaral sa Pilipinas. Dahil sa mga kaloob ng mga kaibigang tulad ninyo, naisasakatuparan ang gawaing panlabas ng ICI. Ang inyong mga kaloob ang dahilan ng patuloy na pagpapala sa iba.

**Alalahanin: Sa pamamagitan ng ICI napag-alaman ninyong SI CRISTO ANG KATUGUNAN. Ang inyong donasyon ay makatutulong upang ang katugunang ito ay mapasa iba.**

## "ANG IYONG BIBLIA" — IKALAWANG BAHAGI

Ang susunod na tatlong aralin ay ito:
Araling 5 — Ang 39 na Aklat ng Matandang Tipan
Araling 6 — Ang 27 Aklat ng Bagong Tipan
Araling 7 — Paano mo Malalaman na ang 66 na Aklat ng Biblia ay Salita ng Diyos

Kung nakalugdan mo ang pag-aaral ng Unang Bahagi ng kursong ito natitiyak naming higit mong kalulugdang pag-aralan ang Ikalawang Bahagi. Ngayon makatatanggap ka ng higit na maliwanag na larawan at paliwanag kung ano ang Biblia.

Matapos mong pag-aralan ang Ikalawang Bahagi may karapatan kang tumanggap ng KATIBAYAN NG PAGTATAPOS NG "ANG IYONG BIBLIA." Ito'y hindi lamang isang katibayan ng

pagtatapos na maaaring ikuwadro at isabit sa dingding kundi maaari kang maging pinuno ng Bible Club na may mahalagang kaalaman tungkol sa Bibliang maaaring ibahagi sa iba.

Hindi namin masasabing sinasakop ng mga aralin ng Ikalawang Bahagi ay isang pagpapalawak na pagpapakilala sa "Ang Iyong Biblia". Hindi mo makukuha ang mga karagdagang inspirasyon at mahalagang kaalaman araw-araw kapag pinagpaliban mo ang pag-aaral nito.

Sa Ikalawang Bahagi ng "Ang Iyong Biblia" tinipon ng ICI sa isang maikling ayos ang kaalaman tungkol sa Biblia at mga kaalamang tutulong sa isang Cristiano. Ang Ikalawang Bahagi ng "Ang Iyong Biblia" ay makatutulong sa iyo upang higit mong makilala ang Diyos, magkaroon ka ng higit na malalim na karanasan at tumulong sa iyo upang "Ang Iyong Biblia" ay maging isang buhay na aklat para sa iyo.

Alam mo bang minsan ay sinabi ni Daniel Webster na "Kung susundin natin ang mga patakarang nasa Biblia, ang ating bayan ay magpapatuloy sa tagumpay. Nguni't kung tayo at ang ating saling-angkan ay kaliligtaan ang mga turo at kapangyarihan nito, walang sinumang makapagsasabi kung paanong ang isang sakuna ay maglilibing sa ating kaluwalhatian sa paglimot ng lahat."

Naniniwala ang ICI na taglay ng Biblia ang kaisipan ng Diyos, ang kalagayan ng tao, ang paraan ng kaligtasan, ang kamatayan ng mga makasalanan at kaligayahan ng mga mananampalataya. Ang mga aral nito ay banal, ang mga turo ay nakapangyayari, ang mga kasaysayan nito ay totoo, ang mga kapasyahan nito ay di magbabago. Ito'y dapat basahin ng lahat upang maging matalino, paniwalaan ito upang maging ligtas at isagawa ito upang maging banal. May taglay na liwanag ang Biblia upang tumanglaw, pagkain upang bumuhay, at upang umaliw sa iyo. Itinatagubilin ng ICI ang Biblia upang basahin ng marahan, madalas at buong pagdalangin. Ang Biblia ay isang mina ng kayamanan, isang paraiso ng kaluwalhatian at ilog ng kasiyahan para sa diwa ng tao. Ito'y ibinibigay na panghabang-buhay, bubuksan sa paghatol sa tao at magkakabisa ito sa isip ng tao magpakailanman. Sa mga kadahilanang ito, naniniwala ang ICI na ang pag-aaral sa Biblia ay may kalakip na mataas na pananagutan para sa lahat ng tao. May kaloob itong dakilang gantim-

pala sa mga masikap na nagbubulay-bulay sa mga kautusan at pangako nito.

Sa loob ng dantaon ang Biblia ay namalaging kapahayagan ng Diyos at Kanyang kalooban para sa tao. Ito'y walang kamatayang aklat, isang mahalagang pamana sa buong sangkatauhan. Ang Biblia angsiya pa ring pinakadakilang inspirasyon sa banal na pamumuhay at umaakay sa mga tao na maging banal.

Natagpuan ng mga salinlahi ng tao, na sa pamamagitan ng pagbubulay-bulay sa laman ng banal na Aklat na ito, ang panibagong liwanag at malalalim na pamantayan ng katotohanan.

Hindi binago ng panahon ang pangangailangan sa Aklat ng mga Aklat na ito. Napakaraming di-mapaniwalain ang dumating at nawala nguni't walang anumang makapagpapawalang-bisa sa mga pangako ng Diyos na nasa mga pahina ng Banal na Biblia.

Salamat sa Diyos, sa pamamagitan ng ICI, milyun-milyong mga tao ang makatatanggap ngayon ng higit na lalong kaalaman ng Biblia. Nuong nakaraan, walang ibang aklat ang higit na tinuligsa, hinamak, sinunog o ipinagbawal. Nguni't ngayon, ang Biblia ang PINAKAMABILING AKLAT sa mundo at taun-taon ay dumarami ang bumibili nito.

Ang mga tagapakinig sa radyo mula sa Tsina at Rusya ay sumulat sa FEBC sa Maynila at humihiling ng Santa Biblia. Sa malayang daigdig, libu-libong mga siyentipiko, pilosopo at mga nagtuturo ang nagpapalagay na ang Biblia ang pinakadakilang aklat sa buong mundo.

Ang Biblia ay hindi nawawalan ng kapangyarihan sa pagbabago sa buhay ng milyun-milyong mga tao. Sa pagbabasa at pananalig sa mga mensahe nito, ang mga sugapa sa opyo at manlalasing ay bumuti, ang mga masasamang babae at lalaki, sa mga kabataan, sa mga batang babae at lalaki sa buong mundo.

Ang mensahe ng Biblia ay kasing-kapangyarihan at makatotohanan na para bang ang Maykapangyarihan mismo ang nagsasalita sa tinig na maririnig ng mga tao. Ang pagpapabaya at pagtanggi lamang na pagsamahin ang pananampalataya at panghabang-buhay na mensahe nito ang maaaring magpawalang-bisa sa inspirasyon nito.

Sa pamamagitan ng Salita ng Diyos ay nakatagpo ang mga tao ng kapayapaan para sa kanilang mga puso, katiyakan ng kapatawaran, lakas na makapagtagumpay laban sa kasalanan at isang maningning na pag-asa ng luwalhating walang hanggan. I Juan 5:9-13. 

Dahil sa patuloy na paglago ng interes sa lahat ng uri ng pag-aaral ng Biblia sa Pilipinas, matapat na ninanais ng ICI na tulungan kang higit na makaunawa sa Biblia. Dahil dito, nagagalak ang ICI na bigyan ka ng higit na pagkakataong makapag-aral ng mga aralin sa Biblia. Ito'y isinaayos upang akayin kang magkaroon ng higit na malapit na kaugnayan sa Diyos at Cristianong pamumuhay para sa Diyos dito sa lupa sa panahong tulad nito.

Sa pamamagitan ng ICI malalaman mo na ang Biblia ay kinasihan sapagka't ang aming mga aralin sa Biblia ay makapagbibigay-inspirasyon sa iyo.

Sumulat ngayon para sa kurso ng "Ang Iyong Biblia". Kung wala ka pang kopya ng Biblia, sikapin mong bumili sa pamamagitan ng ICI. Kung ikaw ay interesado, sumulat at humingi ng higit pang kaalaman tungkol sa mga "Biblia" sa Ingles o iba pang mga wikaing Pilipino. Mangyaring sumulat sa:

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE
PHILIPPINES NATIONAL OFFICE
P. O. Box 1084 Manila 1099

## "ANG IYONG BIBLIA"

### Tala ng Mag-aaral at Pagsusulit

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE
PHILIPPINE NATIONAL OFFICE – P. O. BOX 1084 – MANILA

Petsa ____________________

Mangyaring isulat ng malinaw:

Pangalan ____________________________________________

Tirahan ____________________________________________

Pangalan ng Iglesya ______________________________

Address ng Iglesya ______________________________

Pangalan ng Pastor ______________________________

| | |
|---|---|
| Mahalaga: | Mangyaring sulatan ang TALA NG MAG-AARAL AT PAGSUSULIT at ipadala ito sa ICI Philippine National Office, P.O. Box 1084, Manila. Huwag kalimutang ilakip ang inyong donasyon sa ICI. |

### Aralin 1 – Ang Pag-aaral Ng Aklat Na Ito

Sinagot ko ang mga tanong at nauunawaan ko ang paraan.

Lagda ..........................................................................

### Aralin 2 – Mga Pakinabang Sa Pag-aaral Ng Biblia

Banggitin ang 8 pakinabang sa matapat na pag-aaral ng Biblia.

1. ..........................................................................

2. ..............................................................................................

3. ..............................................................................................

4. ..............................................................................................

5. ..............................................................................................

6. ..............................................................................................

7. ..............................................................................................

8. ..............................................................................................

**Aralin 3 – Ang Aklat Na Ipinagkaloob Sa Atin Ng Diyos**

Sinagot ko ang mga tanong at nagawa ko ang mga takdang-aralin.

Lagda ..............................................................................................

**Aralin 4 – Paano Masusumpungan Ang Hinahanap Mo Sa Biblia**

Sinagot ko ang mga tanong at nagawa ko ang mga takdang-aralin

Lagda ..............................................................................................

**MAHALAGA:**

Mangyaring tanggalin ang pahinang ito at ipadala kasama ng sagot sa Ikalawang Bahagi sa:

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE
P.O. BOX 1084
MANILA 1099

# ANG IYONG BIBLIA

## IKALAWANG BAHAGI

MGA ARALIN 5–7

## MGA NILALAMAN


| ARALIN | PAHINA |
|---|---|
| 5 ANG MGA AKLAT NG MATANDANG TIPAN | 44 |
| 6 ANG MGA AKLAT NG BAGONG TIPAN | 70 |
| 7 PAANO NATIN MALALAMAN NA ANG BIBLIA AY SALITA NG DIYOS | 89 |

# IKA-5 ARALIN

# ANG MGA AKLAT NG MATANDANG TIPAN

**Ika-52 Takdang Aralin**

**ANG PINAKAMAINAM NA PARAAN NG PAG-AARAL NG MGA AKLAT NG BIBLIA, AY PAGBUKUD-BUKURIN. BAKASIN ANG IYONG KAMAY AT KOPYAHIN ANG LARAWANG ITO.**



**Matandang Tipan**

| | |
|---|---|
| 5 | mga aklat ng Kautusan |
| 12 | mga aklat ng Kasaysayan |
| 5 | mga aklat ng Tula |
| 5 | Mahahabang Aklat ng mga Propeta |
| 12 | Maliliit na Aklat ng Propeta |
| 39 | Kabuuan ng mga Aklat |

**Ika-53 Takdang Aralin**

**Ang talaan ng mga nilalaman sa unahan ng iyong Biblia ay magsasabi sa iyo ng kasusumpungan mo ng bawa't aklat. Guhitan ang pagitan na pinagmulan ng mga pagkakahati ng pinagbukod-bukod na mga aklat.**
**Upang magawa ito, basahin ang halimbawa ng mga sumusunod na pahina, at gamitin itong patnubay.**

| Kautusan | Kasaysayan | Mga Tula |
|---|---|---|
| Genesis<br>Exodo<br>Levitico<br>Mga Bilang<br>Deuteronomio | Josue<br>Mga Hukom<br>Ruth<br>1 at 2 Samuel<br>1 at 2 Mga Hari<br>1 at 2 Mga Cronica<br>Ezra<br>Nehemias<br>Esther | Job<br>Mga Awit<br>Mga Kawikaan<br>Eclesiastes<br>Ang Awit ng mga Awit |

| MAHAHABANG AKLAT NG MGA PROPETA | MAIIKLING AKLAT NG MGA PROPETA |
| --- | --- |
| Isaias<br>Jeremias<br>Mga Panaghoy<br>Ezekiel<br>Daniel | Oseas<br>Joel<br>Amos<br>Obadias<br>Jonas<br>Micas<br>Nahum<br>Habacuc<br>Zefanias<br>Hagai<br>Zacarias<br>Malakias |




**Matandang Tipan**

Genesis, Exodo, Levitico, Mga Bilang, at Deuteronomio (Mga Aklat ng Kautusan) ay tinatawag na "Pentateuch" na ang ibig sabihin ay "limang aklat."

**Ika-54 na Tanong**

**Ano ang tawag natin sa Genesis, Exodo, Levitico, Mga Bilang at Deuteronomio?**

**a) Pentecostes**
**b) Pentagon**
**k) "Pentateuch"**

Ika-54 na Sagot

________________

________________

________________

________________

________________

________________

________________

### Ang Pentateuch

Ang limang aklat na ito ay sinulat ni Moises, ang dakilang tagapagpalaya at pinuno. Kung minsan ay tinatagurian natin itong "Ang Limang Mga Aklat ni Moises."

### Ika-55 Tanong

Sino ang sumulat ng Genesis, Exodo, Levitico, Mga Bilang, at Deuteronomio?

a) Si Josue ang manlulupig
b) Si Pablo ang alagad
k) Si Lucas ang magiliw na manggagamot
d) Si Moises ang tagapagpalaya

### Ika-55 Sagot

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

---

### Mga Aklat ng Kautusan

Ang kahulugan ng salitang "Genesis" ay "pasimula" o "pinagmulan." Ang Genesis ay nagsasabi ng pinagmulan ng tao, ng sanlibutan, ng kasalanan, at ng katubusan.

### Ika-56 Tanong

Alin sa limang aklat na ito ang may pamagat na ang kahulugan ay pasimula, o pinagmulan?

a) Genesis
b) Exodo
k) Levitico
d) Mga Bilang
e) Deuteronomio

### Ika-56 na Sagot

______________________

______________________



**Mga Aklat ng Kautusan**

Ang kahulugan ng Exodo ay "paglikas" o "paglabas." Ito'y nagsasaad ng paglikas ng mga tao ng Diyos mula sa kanilang pagkakaalipin sa Egipto. Hanapin ang Exodo sa iyong Biblia.

**Ika-57 Tanong**

**Alin sa unang Limang mga Aklat ang tungkol sa paglikas ng mga Israelita mula sa Egipto?**
**a) Genesis**
**b) Exodo**
**k) Levitico**
**d) Mga Bilang**
**e) Deuteronomio**

Ika-57 Sagot



---

**Mga Aklat ng Kautusan**

Ang mga saserdoteng Hebreo ay nagmula sa lahi ni Levi. Ang aklat ng Levitico ay may tagubilin ukol sa kanilang mga gawain at mga ihahaing handog.

**Ika-58 Tanong**

Aling Aklat ang may tagubilin ukol sa mga saserdote at mga ihahandog?
a) Genesis
b) Exodo
k) Levitico
d) Mga Bilang
e) Deuteronomio

Ika-58 Sagot

**Mga Aklat ng Kautusan**

Ang Mga Bilang ay tinagurian ng gayon sapagka't ito ay nagtatala ng dalawang senso ng mga taga Hebreo. Ito'y mahalaga sa pagbubuo ng isang bansa.

**Ika-59 na Tanong**

**Ang unang limang aklat ng Banal na Kasulatan ay:**
**G.........**
**E.........**
**L.........**
**Mga B.........**
**Deuteronomio**

**Ika-59 na Sagot**

________________

________________

________________

________________

________________

---

**Mga Aklat ng Kautusan**

Bago yumao si Moises, siya'y nagtalumpati at muling ginunita ang mga kautusan ng Diyos. Ito'y nasa Deuteronomio, na nangangahulugang "Pangalawang Kautusan."

**Ika-60 Tanong**

**Isulat ang pangalan ng limang aklat ng Kautusan at guhitan yaong nangangahulugang "Pangalawang Kautusan," ihambing ang iyong talaan sa tamang mga sagot at iwasto ang alinmang mali sa pagbaybay.**

**Ika-60 Sagot**

________________

________________

________________

________________

________________

**Mga Aklat ng Kautusan**

Bukod sa kautusan, ang unang limang aklat ay naglalaman ng mga maluwalhating kasaysayan ng bayan ng Diyos sa loob ng mahigit na 2,500 mga taon.

**Ika -61 Takdang Aralin**

Magsanay sa paghahanap sa iyong Biblia ng bawa't isa sa limang aklat ni Moises. Isara ito bago maghanap ng susunod na aklat. Magsanay na mabuti upang madali mong makita ang aklat na hinahanap mo.



---

**Ang mga Aklat ng Kasaysayan**

Ang labingdalawang Aklat ng Kasaysayan ay ang sumusunod:

Josue, Mga Hukom, Ruth, 1 Samuel, 2 Samuel, I Mga Hari, 2 Mga Hari, I Mga Cronica, 2 Mga Cronica, Ezra, Nehemias, Esther.

**Ika-62 Takdang Aralin**

Kopyahin ang mga talaan ng mga Aklat ng Kasaysayan. Maglagay ng kapirasong papel sa iyong Biblia sa pagitan ng Deuteronomio at Josue at ng isa pang papel sa pagitan ng Esther at Job. At magsanay sa paghahanap sa bawa't isa sa mga Aklat ng Kasaysayan, tulad ng iyong ginawa sa mga Aklat ng Kautusan.



### Ang Mga Aklat ng Kasaysayan

Si Josue, ang heneral na humalili kay Moises, ang sumakop sa lupain ng Canaan at siyang naging unang hukom. Ang aklat ni Josue ay tungkol sa pananakop.

**Ika-63 Tanong**

**Alin sa mga aklat ang nagtataglay ng pangalan ng manlulupig ng Canaan?**
**a) Josue**
**b) Mga Hukom**
**k) Ruth**
**d) Samuel;**
**e) Mga Hari**
**g) Cronica**
**h) Nehemias**
**i) Ezra**
**j) Esther**

**Ika-63 Sagot**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

---

### Mga Aklat ng Kasaysayan

Ang Mga Hukom ay sumakop sa 400 mga taon ng mga pagkatalo at mga tagumpay sa Canaan ng mga Israelita, pagkatalo kung nakalilimot ang mga tao sa Diyos; tagumpay kung sila ay nagsisi at ang Diyos ay nagbabangon ng mga hukom bilang mga tagapagpalaya.

**Ika-64 na Tanong**

**Ang ikalawang aklat ng kasaysayan ay tungkol sa**
**a) unang 2,500 mga taon ng kasaysayan ng tao.**
**b) 400 mga taon sa ilalim ng mga hari ng Egipto.**
**k) 400 mga taon sa Canaan sa ilalim ng mga hukom.**
**d) pangangasiwa ng mga emperador ng Roma.**

**Ika-64 na Sagot**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

**Mga Aklat ng Kasaysayan**

Ang Aklat ni Ruth ay nagsasaad ng magandang Moabita noong panahon ng mga hukom, na naging lola sa tuhod ni David at isa sa mga ninuno ni Jesus.

**Ika-65 Tanong**

Ang kasaysayan ng pagtitiwala ng lola sa tuhod ni David at ang kasaysayan ng kanyang pag-ibig ay nasa Aklat ni
a) Ezra
b) Esther
k) Nehemias
d) I Samuel
e) Mga Hukom
g) Ruth

Ika-65 Sagot

________________
________________
________________
________________
________________
________________
________________
________________

---

**Mga Aklat ng Kasaysayan**

Ang 1 at 2 Samuel ay nagsasaad kasaysayan ng kaharian ng Israel. Si Samuel ay tumulong sa pagtatag nito. Siya ay isang saserdote, propeta, mangangaral, politiko, at siyang pinakahuli sa mga hukom.

**Ika-66 na Tanong**

Ibigay ang unang sampung aklat ng Biblia:

1. G. ----------------
2. E. ----------------
3. L. ----------------
4. Mga B. -----------
5. D. ----------------
6. J. ----------------
7. Mga H. -----------
8. 1 S. --------------
9. R. ----------------
10. 2 S. -------------

Ika-66 na Sagot

________________
________________
________________
________________
________________
________________
________________
________________
________________

## Ang Mga Aklat ng Kasaysayan

Ang 1 at 2 Mga Hari at 1 at 2 Cronica ay nagsasaad ng kasaysayan ng kaharian ng Juda at Israel. Ang Cronica ay sumasakop ng mahabang panahon at naglalaman ng maraming talaangkanan.

## Ika-67 Takdang Aralin at Tanong

**Paghambingin ang unang limang kabanata ng 1 Mga Hari at 1 Mga Cronica. Aling aklat ang may higit na maraming talaan ng mga angkan at ng kanilang mga ninuno?**

**a) 1 Mga Hari**

**b) I Mga Cronica**

## Ika-67 Sagot



---

## Mga Aklat ng Kasaysayan

Ginamit ng Diyos si Ezra na isang saserdote, at si Nehemias na isang prinsipe, upang pangunahan ang mga Hebreo sa pagbabalik sa kanilang tahanan pagkatapos ng kanilang pagkabihag sa Babilonya. Sila ay tumulong sa pagtayo ng bansa.

## Ika-68 Tanong

**Ginamit ng Diyos si Ezra na manguna ng isang kahangahangang espirituwal na pagbabagong-buhay sa Jerusalem.**

**a) pagkatapos ng paglaya sa Egipto.**

**b) sa panahon ng pagsakop ng Canaan ni Josue.**

**k) pagkatapos ng pagpapalaya sa mga Hebreo sa pagkabilanggo sa Babilonya.**

## Ika-68 Sagot

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

### Mga Aklat ng Kasaysayan

Kinasihan ng Diyos si Ezra upang sumulat at tipunin ang banal na mga aklat na bumubuo sa Matandang Tipan. Nagpagawa siya ng mga sipi ng mga Kasulatan upang mabasa ng mga tao.

### Ika-69 na Tanong

Ang panuntunan o kabuuang talaan ng mga aklat na bumubuo sa Matandang Tipan, ay natapos pagkamatay ni Ezra. Maalaala natin si Ezra sa kanyang mahalagang gawain sa

a) pagtitipon-tipon ng mga aklat ng Matandang Tipan na umiiral noon.
b) pagsulat ng unang limang aklat ng Banal na Kasulatan.

### Ika-69 na Sagot

---

### Mga Aklat ng Kasaysayan

Ang Aklat ni Esther ay tumutukoy sa paggamit ng Diyos kay Reyna Esther, na nagwagi sa isang timpalak-kagandahan upang mailigtas ang mga Hebreo sa kamatayan noong panahon ng pagkabihag.

### Ika-70 Tanong

**Ang huling tatlong mga aklat ng kasaysayan ay tumutukoy sa pagtatanggol ng Diyos sa mga Hebreo sa kanilang pagkabihag at pagbabalik mula sa Babilonya. Ang mga ito ay**

**a) Ezra, Nehemias, Esther**
**b) 1 at 2 Samuel, 1 Mga Hari**
**k) Josue, Mga Hukom, Ruth**

### Ika-70 Sagot

Maglagay ng kapirasong papel sa iyong Biblia sa pagitan ng Deuteronomio at Josue at isa pa sa pagitan ng Esther at Job. Magsanay sa paghahanap sa bawa't aklat sa dalawang pagkahating ito.

**Ika-71 Takdang Aralin**

**Ayon sa iyong memorya isulat ang mga pangalan ng unang 17 mga aklat ng Biblia. Iwasto ito sa talaan ng mga nilalaman. Humingi ng tulong sa isang kaibigan na pumili ng mga pangalan sa talaan at basahin ito sa iyo upang malaman kung paano kabilis mong matatagpuan ang bawa't aklat.**



---

### Mga Aklat ng Tula

Ang Job, Mga Awit, Mga Kawikaan, Eclesiastes, at Ang Awit ng mga Awit ay mga aklat ng tulang Hebreo. Mayroon ding mga matulaing sipi sa iba pang mga aklat ng Biblia.

**Ika-72 Tanong**

**Ang Job, Mga Awit, Mga Kawikaan, Eclesiastes, at Awit ng mga Awit ay mga aklat ng**

**a) kasaysayan ng mga Hebreo.**

**b) tulang Hebreo.**
**k) tulang Ingles.**
**d) kautusan.**

Ika-72 Sagot

_______________

_______________

_______________

_______________

_______________

_______________

_______________

### Mga Aklat ng Tula

Ang Job ay isang madula, ma-pilosopiyang tula na tumutukoy ng pagdusa ng mabuting tao. Ito ay maaaring nasulat nang una kaysa ibang mga aklat ng Biblia

### Ika-73 Tanong

"Bakit nagdudusa ang mga matutuwid?" ay siyang paksa ng
a) Ezra
b) Nehemias
k) Esther
d) Job
e) Mga Awit

### Ika-73 Sagot

---

### Mga Aklat ng Tula

Ang Mga Awit ay mga kantang bumubuo sa talaawitang Hebreo. Si Haring David, ang dakilang manunugtog, ay sumulat ng karamihan dito. Wala nang higit pang magandang tulain kaysa rito.

### Ika-74 na Takdang Aralin at Tanong

Hanapin ang talaawitan ng mga Hebreo sa kalagitnaan ng Iyong Biblia. Ilang mga awitin mayroon ito?
a) 50
b) 150
k) 225
d) 300

### Ika-74 na Sagot

### Mga Aklat ng Tula

Si Solomon, anak ni David, at pangatlong hari ng Israel, ang siyang pinakamarunong na tao na nabuhay . Sinulat niya ang mga Kawikaan, Eclesiastes, at Ang Awit ng mga Awit.

### Ika-75 Tanong

**Noong gintong kapanahunan ng panitikang Hebreo ay**

**a) isinulat ni David ang Mga Awit, Mga Kawikaan, at Eclesiastes,**

**b) isinulat ni Solomon ang mga Kawikaan, Eclesiastes, at Ang Awit ng Mga Awit.**

**k) isinulat ni Solomon ang aklat ni Esther at Job.**

### Ika-75 Sagot

________________

________________

________________

________________

________________

________________

________________

________________

---

### Mga Aklat ng Tula

Sinulat at pinagsama-sama ni Solomon ang Mga Kawikaan upang turuan ang mga kabataang makapamuhay ng mabuti at matagumpay na buhay. Ito ay isa sa mga "aklat ng karunungan."

### Ika-76 na Tanong

**Alin sa mga aklat ng tula ang magagamit sa pang-araw-araw na karunungan, upang maturuan ang mga kabataan ng pagiging matagumpay.**

**a) Job**

**b) Mga Awit**

**k) Mga Kawikaan**

**d) Eclesiastes**

**e) Awit ng mga Awit**

### Ika-76 na Sagot

________________

________________

________________

________________

________________

________________

________________

________________

### Mga Aklat ng Tula

Ang Eclesiastes ay patotoo ni Solomon na ang buhay ay walang katuturan kung walang Diyos. Ang mga kaaliwan, mga kayamanan, mga katuparan, at kapangyarihan, ay hindi nagbibigay kasiyahan. Ang tao ay nilalang upang maglingkod sa Diyos.

### Ika-77 Tanong

**Ang aklat ng Eclesiastes ay tungkol sa materialismo na nagtuturong:**

**a) ang kasaganaan ay nagdudulot ng kaligayahan.**

**b) ang paggawa para sa iba ay nagdudulot ng kaligayahan.**

**k) ang tao ay nilalang upang paglingkuran ang Diyos at wala nang iba pang makapagbibigay ng kasiyahan sa kanya.**

### Ika-77 Sagot

________________

________________

________________

________________

________________

________________

________________

________________

---

### Mga aklat ng Tula

Ang Awit ng mga Awit ay tulad sa isang opera, isang madulang awitin. Ito ay tungkol sa pag-ibig na namamagitan sa kasintahang babae at kasintahang lalaki at sumasagisag sa pag-ibig ng Diyos sa Kanyang bayan.

### Ika-78 Tanong

**Isulat ang mga pangalan ng mga aklat ng tula. Salungguhitan ang awit ng pag-ibig na naglalarawan sa Diyos at sa Kanyang bayan o kay Cristo at ang Iglesya.**

### Ika-78 Sagot

________________

________________

________________

________________

________________

### Mga Aklat ng Hula

Ang Diyos ay nagbigay ng mga pangitain sa mga propeta (tulad sa mga larawang gumagalaw) ng tungkol sa mangyayari sa hinaharap. Isinulat ng mga propeta ang mga kapahayagang ito at ibinigay ang mensahe ng Diyos sa mga tao.

### Ika-79 na Tanong

**Hinulaan ng mga aklat ng hula ng walang mali ang hinaharap ng maraming bansa sapagka't ang mga propeta ay**

**a) gumamit ng mabisang kaalaman sa pangkukulam.**

**b) pinag-aralan ang takbo ng politika at ipinahayag ang mga mangyayari.**

**k) tumanggap ng mga kapahayagan mula sa Diyos.**

### Ika-79 na Sagot

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

---

### Mahahabang Aklat ng mga Propeta

Mahahabang aklat ng mga propeta ang tawag dito dahilan sa haba ng kanilang mga aklat, sa katagalan ng kanilang paglilingkod, at sa kanilang dakilang kabantugang pambansa at pandaigdig.

### Ika-80 Takdang Aralin

**Hanapin ang mga aklat ng Mahahabang aklat ng mga Propeta sa iyong Biblia: Isaias, Jeremias, Mga Panaghoy, Ezekiel, at Daniel. Ang lahat ng mga pinagsasamasamang aklat ng mga Maliliit na aklat ng mga Propeta ay hindi kasinghaba ng Aklat ni Isaias. Magsanay ng pagbuklat ng iyong Biblia sa bawa't aklat ng mga Mahahabang aklat ng mga propeta.**



### Mahahabang Aklat ng Mga Propeta

Pitong daang taon bago isilang si Jesus ay hinulaan ni Isaias ang Kanyang kamatayan dahil sa ating mga kasalanan, at ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli.

### Ika-81 Tanong

**Sino sa mga Propeta ang nabuhay ng 700 mga taon bago isilang si Jesus at humula ng maraming mga bagay na natupad sa buhay ni Jesu-Cristo?**

**a) Isaias**
**b) Jeremias**
**k) Ezekiel**
**d) Daniel**

### Ika-81 Sagot

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

---

### Mahahabang Aklat ng Mga Propeta

Sina Isaias at Jeremias ang humula sa pagkakabihag sa Babilonya. Isinulat ni Jeremias na pagkaraan ng 70 mga taon ng pagkabihag ang mga Hebreo ay magbabalik sa kanilang sariling lupain.

### Ika-82 Takdang Aralin

**Ang mga hula ni Isaias ay 100 mga taon o mahigit pa bago mangyari ang pagkabihag. Basahin ang Isaias 44:28; Jeremias 25:11; at 2 Mga Cronica 36:22. Ang utos ni Ciro ay nangyari pagkatapos ng pitumpung taong pagkabihag ng mga Hebreo sa Babilonya tulad ng pagkahula ni Jeremias.**



**Mahahabang Aklat ng Mga Propeta**

Nakita ni Jeremias ang katuparan ng maraming hula sa pagkasira ng Jerusalem. Ito ay kanyang inilalarawan sa limang luksang tulain na tinatawag na Mga Panaghoy.

**Ika-83 Tanong**

**Aling aklat ng mga tula na sinulat ni Jeremias tungkol sa pagkasira ng Jerusalem ang nakatala sa Mahahabang Aklat ng mga Propeta sa halip na itala sa mga aklat ng tula?**
**a) Mga Kawikaan**
**b) Eclesiastes**
**k) Jeremias**
**d) Mga Panaghoy**

**Ika-83 Sagot**

---

**Mahahabang Aklat ng Mga Propeta**

Sina Ezekiel at Daniel ay mga propeta ng pagkabihag. Sila ay nanghula sa mga Hebreo sa loob ng 70 mga taon sa pagkabihag sa kanila ng Babilonya.

**Ika-84 na Takdang Aralin**

**Ang mga propetang bihag sa Babilonya na nangaral sa mga Hebreong ipinatapon ay sina:**
**a) Isaias at Jeremias**
**b) Ezekiel at Daniel**
**k) Oseas, Joel, at Amos**
**d) Jonas, Micas, at Nahum.**

**Ika-84 na Sagot**

**Mahahabang Aklat ng Mga Propeta**

Si Daniel ang bihag na Hebreong prinsipe, ay naging pangunahing ministro ng emperyong Babilonya. Ang kanyang wastong hula sa pagtatagumpay at pagbagsak ng mga emperyo ay kamangha-mangha.

**Ika-85 Takdang Aralin**

Isulat ang mga pangalan ng limang Mahahabang Aklat ng mga Propeta. Salungguhitan ang pangalan ng bihag na prinsipe na naging ministro.

**Ika-85 Sagot**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

**Maiikling Aklat ng mga Propeta**

Ang unang siyam na propeta ng Maiikling Aklat ng mga Propeta ay nabuhay bago nangyari ang pagkabihag. Ang huling tatlo ay nabuhay matapos magbalik ang mga Hudyo mula sa Babilonya.

**Ika-86 na Takdang Aralin**

Kopyahin ang talaang ito ng Maiikling Aklat ng mga propeta; saka hanapin ang mga aklat na ito sa iyong Biblia.

| | |
|---|---|
| a) Oseas | h) Nahum |
| b) Joel | i) Habacuc |
| k) Amos | l) Zefanias |
| d) Obadias | m) Hagai |
| e) Jonas | n) Zakarias |
| g) Micas | ng) Malakias |

**Ika-86 na Sagot**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

### Maiikling Aklat ng Mga Propeta

Ipinangaral ni Oseas ang pag-ibig ng Diyos sa Kanyang bayan tulad ng asawang lalaki sa kanyang di-tapat na kabiyak. Inilarawan ito ni Oseas sa pagpapatawad sa asawa niyang nagtaksil sa kanya.

### Ika-87 Takdang Aralin

**Sinong propeta na ang naging paksa ng kanyang aklat ay ang pag-ibig ng Diyos sa Kanyang di tapat na bayan, at ipinamalas ang pag-ibig at pagpapatawad sa kanyang sariling asawa?**

a) Isaias
b) Jeremias
k) Ezekiel
d) Daniel
e) Oseas
g) Amos
h) Jonas
i) Micas
l) Nahum

### Ika-87 Sagot

______________________

______________________



---

### Maiikling Aklat ng Mga Propeta

Si Joel ang humula sa pagbubuhos ng Espiritu Santo na natupad sa Araw ng Pentecostes at sa karismatikong pagbabagong-buhay sa kasalukuyan.

### Ika-88 Takdang Aralin at Tanong

**Basahin ang hula sa Joel 2:28,29. Ano ang isinasaad ng hulang ito ni Joel?**

a) Ang pag-ibig at pagpapatawad ng Diyos
b) Ang pagbubuhos ng Espiritu Santo
k) Kawalan ng katarungang panlipunan
d) Ang pagkasira ng Nineve

### Ika-88 Sagot

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

**Maiikling Aklat ng Mga Propeta**

Si Amos ay isang pastol na ipinadala ng Diyos sa punong bayan ng Israel upang tuligsain ang kawalan ng katarungang panlipunan. Nagbabala siya sa mga tao tungkol sa darating na paghuhukom sa kasalanan.

**Ika-89 na Tanong**

Ang pastol na sinugo ng Diyos sa punong bayan upang tuligsain ang kawalan ng katarungang panlipunan at upang pagsabihan ang Israel na magsisi ay si

a) Oseas
b) Joel
k) Amos
d) Obadias
e) Jonas
g) Micas

**Ika-89 na Sagot**

________________

________________

________________

________________

________________

________________

________________

________________

---

**Maiikling Aklat ng Mga Propeta**

Ang hula ni Obadias ay tungkol sa paghuhukom sa bansa ng Edom. Ang Obadias ang pinakamaikling aklat sa Lumang Tipan. Wala tayong gaanong nalalaman sa propetang ito.

**Ika-90 Tanong**

Isulat ang pangalan ng unang apat na mga Maiikling Aklat ng mga Propeta. Salungguhitan ang sumulat sa paghuhukom sa Edom.

**Ika-90 na Sagot**

________________

________________

________________

________________

________________

________________

### Maiikling Aklat ng Mga Propeta

Isinugo ng Diyos si <u>Jonas</u> bilang misyonero sa Nineve, subali't siya ay nagtangkang magtago. Nang malulon ng malaking isda, siya'y nagsisi, kagya't siyang pinalaya, at saka tumalima sa Diyos.

### Ika-91 Takdang Aralin

Sino sa mga propeta ang di-sang-ayong maging misyonero sa Nineve?
a) Oseas
b) Joel
k) Amos
d) Obadias
e) Jonas
g) Micas
h) Nahum
i) Habacuc

### Ika-91 Sagot

_______________
_______________
_______________
_______________
_______________
_______________
_______________
_______________
_______________

---




### Ika-92 Tanong

Ngalanan ang propeta sa pamamagitan ng kanyang mensahe.
O —— ang pag-ibig ng Diyos.
J ——— ang Espiritu Santo
A —— kawalang katarungang panlipunan
O —— paghuhukom sa Edom.
J —— paghuhukom sa Nineve
M —— pook ng kapanganakan ni Cristo.

### Ika-92 Sagot

_______________
_______________
_______________
_______________
_______________
_______________
_______________

### Maiikling Aklat ng Mga Propeta

Ang Nineve ay nagsisi sa pangangaral ni Jonas. Nang muli silang magpakasama ay ipinadala ng Diyos si Nahum upang bigyang babala sila sa nalalapit na paghuhukom at sa pagkasira ng Nineve.

### Ika-93 Tanong

Karamihan sa mga propeta ng Diyos ay nagbibigay ng kanyang mensahe sa ibang mga bansa, dahil sa kanyang pag-ibig at pagmamalasakit sa lahat ng tao. Sino ang humayo bilang mga misyonero sa Nineve?

a) Sina Joel at Amos
b) Sina Jonas at Nahum
k) Sina Obadias at Micas

### Ika-93 Sagot

________________

________________

________________

________________

________________

________________

________________

________________

---

### Maiikling Aklat ng Mga Propeta

Nagbabala sina <u>Habacuc</u> at <u>Zefanias</u> tungkol sa pambansang pagkatalo at pagkabihag kung ang mga tao ay hindi magsisi. Lumagi sila sa kanilang mga kasalanan at nagtungo sa Babilonya bilang mga bihag.

### Ika-94 na Tanong

Ang siyam na propeta na sumulat ng maiikling aklat na nabuhay bago ang pagkabihag sa Babilonya ay sina:

a) O ..........................
b) J ..........................
k) A..........................
d) O. ..........................
e) J. ..........................
g) M. ..........................
h) N. ..........................
i) H ..........................
l) Z ..........................

### Ika-94 na Sagot

________________

________________

________________

________________

________________

________________

________________

________________

## Maiikling Aklat ng Mga Propeta

Sa pagbabalik mula sa Babilonya patungong Palestina, ginamit ng Diyos si Hagai at si Zakarias upang pasiglahin ang muling pagtatayo ng templo.

### Ika-95 Tanong

**Sa tatlong mga propeta na nabuhay pagkatapos ng pagkabihag sa Babilonya, sino-sino ang nagpasigla sa mga tao upang muling itayo ang templo?**

**a) Sina Nahum at Zefanias**
**b) Sina Hagai at Zakarias**
**k) Sina Ezekiel at Malakias**

### Ika-95 Sagot

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

---

## Maiikling Aklat ng Mga Propeta

Si Malakias, ang pinakahuli sa mga propeta ng Matandang Tipan, siya'y nabuhay 400 mga taon bago isilang si Jesu-Cristo. Basahin sa Malakias 3:8-12 ang kanyang mensahe ukol sa ikapu.

### Ika-96 na Tanong

**Ang kasaysayang napapaloob sa Apocripa ay naganap sa pagitan ng kapanahunan nina Malakias at ni Cristo. Ilang mga taon ang nakapagitan sa Matandang Tipan at Bagong tipan?**

**a) 40**
**b) 250**
**k) 400**

### Ika-96 na Sagot

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

**Matandang Tipan**

Dito nagwakas ang tala ng pakikitungo ng Diyos sa Kanyang bayan sa ilalim ng matandang kasunduan habang hinihintay nila ang pagdating ni Cristo at ng Kanyang bagong kasunduan.

**Ika-97 Takdang Aralin**

**Pagbalik-aralan ang Maliliking Aklat ng Mga Propeta hanggang masabi mo ayon sa ayos at madaling makita ang mga iyon. Pagbalik-aralan ang ibang aklat ng Matandang Tipan at magsanay hanggang makita mo ang mga ito agad.**

## MGA TAMANG SAGOT SA IKA-5 ARALIN

**Ika-54 na Sagot**

k) "Pentateuch"

**Ika-55 Sagot**

d) Si Moises ang tagapagpalaya

**Ika-56 na Sagot**

a) Genesis

**Ika-57 Sagot**

b) Exodo

**Ika-58 Sagot**

k) Levitico

**Ika-59 na Sagot**

Genesis
Exodo
Levitico
Mga Bilang

**Ika-60 Sagot**

Genesis
Exodo
Levitico
Mga Bilang
Deuteronomio

**Ika-63 Sagot**

a) Josue

**Ika-64 na Sagot**

k) 400 mga taon sa Canaan sa ilalim ng mga hukom

**Ika-65 Sagot**

g) Ruth

**Ika-66 na Sagot**

Genesis, Exodo, Levitico, Mga Bilang, Deuteronomio, Josue, Mga Hukom, Ruth, 1 at 2 Samuel

## MGA TAMANG SAGOT SA IKA-5 ARALIN

**Ika-67 Sagot**

b) I Mga Cronica

**Ika-68 Sagot**

k) pagkatapos ng pagpalaya sa mga Hebreo sa pagkabilanggo sa Babilonya.

**Ika-69 na Sagot**

a) pagtitipon-tipon ng mga aklat ng Matandang Tipan na umiiral noon.

**Ika-70 Sagot**

a) Ezra, Nehemias, Esther

**Ika-72 Sagot**

b) tulang Hebreo

**Ika-73 Sagot**

d) Job

**Ika-74 na Sagot**

b) 150

**Ika-75 Sagot**

b) isinulat ni Solomon ang mga Kawikaan, Ecclesiastes, at Ang Awit ng mga Awit

**Ika-76 na Sagot**

k) Mga Kawikaan

**Ika-77 Sagot**

k) ang tao ay nilalang upang paglingkuran ang Diyos at wala nang iba pang makapagbibigay ng kasiyahan sa kanya.

**Ika-78 Sagot**

Job
Mga Awit
Mga Kawikaan
Ecclesiastes
Ang Awit ng mga Awit

**Ika-79 na Sagot**

k) tumanggap ng mga kapahayagan mula sa Diyos.

**Ika-81 Sagot**

a) Isaias

**Ika-83 Sagot**

d) Mga Panaghoy

**Ika-84 na Sagot**

b) Ezekiel at Daniel

**Ika-85 Sagot**

Isaias
Jeremias
Mga Panaghoy
Ezekiel
Daniel

**Ika-87 Sagot**

e) Oseas

**Ika-88 Sagot**

b) ang pagbubuhos ng Espiritu Santo

**Ika-89 na Sagot**

k) Amos

**Ika-90 Sagot**

Oseas
Joel
Amos
Obadias

**Ika-91 Sagot**

e) Jonas

**Ika-92 Sagot**

Oseas
Joel
Amos
Obadias
Jonas
Micas

**Ika-93 Sagot**

b) Jonas, at Nahum

**Ika-94 na Sagot**


b) Oseas, Joel, Amos Obadias, Jonas, Micas Nahum, Habacuc, at Zefanias

**Ika-95 Sagot**

b) sina Hagai at Zacarias

**Ika-96 na Sagot**

k) 400





# IKA–6 NA ARALIN

# ANG MGA AKLAT NG BAGONG TIPAN

## Ika-98 Takdang Aralin

Bakasin ang iyong kamay at kopyahin ito. Basahin ang talangguhit sa ibaba ng pahina, at lagyan ng paghahati ang talaan ng mga nilalaman ng Bagong Tipan.




| | |
|---|---|
| Mateo<br>Marcos<br>Lucas<br>Juan | EBANGHELYO |
| Mga Gawa | KASAYSAYAN |
| Mga Taga Roma<br>1 at 2 Corinto<br>Mga Taga Galacia<br>Mga Taga Efeso<br>Mga Taga Filipos<br>Mga Taga Colosas<br>1 at 2 Mga Taga Tesalonica<br>1 at 2 Timoteo<br>Mga Taga Tito<br>Mga Taga Filemon<br>Hebreo | MGA SULAT NI PABLO AT PANGKALAHATAN |
| Santiago<br>1 at 2 Pedro<br>1,2 at 3 Juan<br>Judas | |
| Apocalipsis | HULA |

## Ika-99 na Tanong

Eba ................................4 na mga aklat

Kas ................................1 aklat

Mga Sulat ni Pablo.....14 na mga aklat

Pangkalahatang Sulat...7 mga aklat

Hula ................................1 aklat

Kabuuan ................ mga aklat

## Ika-99 na Sagot

________________

________________

________________

________________

________________

________________

**Apat na Ebanghelyo**

Sina Mateo, Marcos, Lucas at Juan ang sumulat ng buhay ni Cristo sa mga Ebanghelyo na nagtataglay ng kanilang mga pangalan. Ang bawa't isa ay may iba't ibang binibigyang diin o kahalagahan.

**Ika-100 Tanong at Takdang Aralin**

**Kung minsan ang manunulat ng mga Ebanghelyo ay tinatawag na Apat na Ebanghelista. Sila ay sina**
**M ....................................**
**M ....................................**
**L .................................. at**
**J ....................................**
**Magsanay sa pagbuklat ng iyong Biblia sa bawa't isa sa Apat na Ebanghelyo.**

**Ika-100 Sagot**

---

**Apat na Ebanghelyo**

Ipinakikilala ni Mateo si Jesus bilang Hari o ang Mesias. Ipinakita niya kung paano ginanap ni Jesus ang mga kasulatan sa pamamagitan ng pagsipi ng mga hula tungkol sa Mesias sa Matandang Tipan.

**Ika-101 Takdang Aralin**

**Ang Ebanghelyong bumabanggit sa maraming hula upang ipakita na si Jesus ang Haring ipinangako ay ang**
**a) Mateo**
**b) Marcos**
**k) Lucas**
**d) Juan**

**Ika-101 Sagot**

**Apat na Ebanghelyo**

Sumulat si Marcos sa mga taga Roma; wala silang nalalaman tungkol sa Mga Kasulatan. Pinuno niya ng makapangyarihang gawa ang kanyang ebanghelyo habang isinasaysay niya si Jesus, ang Lingkod ng Diyos.

**Ika-102 Takdang Aralin**

Pinuno ni Marcos ang kanyang ebanghelyo ng
a) mga hula mula sa Matandang Tipan.
b) mga pangaral ni Jesus.
k) mga makapangyarihang gawa ni Jesus.
d) mga katibayan ng pagiging Diyos ni Jesus.

**Ika-102 Sagot**

____________________

____________________

---

**Apat na Ebanghelyo**

Si Lucas na isang manggagamot ang sumulat ng Kanyang Ebanghelyo para sa kaibigan niyang Griyego. Binibigyang-diin niya ang ganap na pagkatao ni Cristo, at ipinakikilala Siya na Anak ng Tao.

**Ika-103 Takdang Aralin**

Basahin ang Lucas 1:1-4. Dito'y ibinabatay ni Lucas ang kanyang isinulat sa
a) bulong-bulongan o usap-usapan.
b) sariling karanasan bilang isang alagad.
k) maingat na pagsisiyasat sa pangyayari batay sa pakikipagsangguni sa mga nakasaksi.
d) mga alamat na nagkalat.

**Ika-103 Sagot**

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

**Apat na Ebanghelyo**

Si Juan ay nagbigay ng mga katibayan na nagpapatunay na si Jesus ay Anak ng Diyos at yaong naniniwala sa Kanya ay may buhay na walang hanggan.

**Ika-104 na Tanong at Takdang Aralin**

Basahin ang Juan 20:30,31. Ipinaliliwanag ni Juan na siya'y sumulat upang ang kanyang mga mambabasa ay maniwala kay Jesus bilang

a) isang sakdal na tao at sundin ang Kanyang halimbawa.
b) Anak ng Diyos, at magkaroon ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan Niya.

**Ika-104 na Sagot**

______________
______________
______________
______________
______________
______________

---

**Apat na Ebanghelyo**

Ang Mateo, Marcos, at Lucas ay tinatawag na Ebanghelyong magkatulad ng buod (Synoptic Gospel). Sila ay magkatulad sa pagpili ng mga pangyayari na kanilang isinalaysay. Sila'y magkasamang nagbigay ng buod ng buhay ni Jesus.

**Ika-105 Tanong**

Isulat ang pangalan ng bawa't ebanghelyo sa tabi ng katangian ni Jesu-Cristo na binibigyang diin nito.

Hari. . . . . . . . . . .
Lingkod ng Diyos. . . .
Anak ng Tao. . . . . . ...
Anak ng Diyos. . . . . .

**Ika-105 Sagot**

______________
______________
______________
______________
______________
______________
______________

**Aklat ng Kasaysayan**

Isinulat ni Lucas ang Mga Gawa ng Mga Apostol upang sabihin kung paanong isinugo ni Cristo ang Espiritu Santo na Siyang nagpapatuloy ng Kanyang gawain sa lupa pagkatapos na Siya'y bumalik sa langit.

**Ika-106 na Takdang Aralin**

Ang susing talata ay Mga Gawa 1:8. Sauluhin ito. Nguni't bibigyan kayong kapangyarihan pagbaba sa inyong Espiritu Santo, at kayo'y magiging saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig. Mga Gawa 1:8



---

**Aklat ng Kasaysayan**

Ang "Apostol" ay nangangahulugang "isinugo". Ang mga Gawa ay tumutukoy kung paanong ang "isinugo" ng Panginoon ay nagdala ng Ebanghelyo sa kanilang sanlibutan.

**Ika-107 Tanong**

Ang pamagat na "Mga Gawa ng Apostol" ay nangangahulugang
a) mga gawa ng kahalili
b) mga gawa ng isinugo
k) mga gawa ng mga kinatawan
d) mga gawa ng mga pinuno.

**Ika-107 Sagot**

______________

______________

______________

______________

______________

______________

**Aklat ng Kasaysayan**

Si Pablo, ang apostol sa mga Gentil, ay nangaral sa maraming bansa. Si Lucas ay kasama niya sa ilan sa kanyang paglalakbay at siyang nagbabalita ng kanilang kapana-panabik na misyon ng mga pakikipagsapalaran.

**Ika-108 Tanong**

Si L......................... ang manggagamot at mananalaysay na sumama kay Pablo ang Apostol sa mga G. . . . sa ilan niyang mga pagmimisyon, ay nagbabalita kung paano ginamit ng Espiritu Santo si Pablo upang pasimulan ang Iglesyang Cristiano sa maraming bansa.

**Ika-108 Sagot**

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

---

**Mga Sulat ni Pablo**

Sinulat ni Pablo ang 13 o 14 na mga sulat, karamihan sa mga ito ay ukol sa iglesyang kanyang itinatag. Hindi natin matiyak kung siya ang sumulat sa aklat ng Hebreo.

**Ika-109 na Takdang Aralin**

Kopyahin ang talaang ito ng Mga Sulat ni Pablo
Mga Taga Roma
1 at 2 Mga Taga Corinto
Mga Taga Galacia
Mga Taga Efeso
Mga Taga Filipos
Mga Taga Colosas
1 at 2 Taga Tesalonica
1 at 2 Timoteo
Tito, Filemon
Hebreo



ANG MGA TAGASULAT ANG GUMAWA NG MGA KOPYA NG MGA KASULATAN

**Mga Sulat ni Pablo**

Sapagka't walang mga palimbagan noon, ang mga sulat ay inilibot sa bawa't Iglesya. Sa bawa't lugar, ang mga kasapi ay gumagawa ng kopya upang ingatan at pag-aralan.

**Ika-110 Tanong**

**Upang ang bawa't Iglesya ay magkaroon ng kopya ng sulat ni Pablo, ito ay:**

**a) ipinalimbag at ipinadala sa mga Iglesya.**
**b) kinopya sa sulat kamay sapagka't wala pang mga palimbagan noon.**
**k) kinunan ng larawan at ipinamahagi.**

**Ika-110 Sagot**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

---

**Mga Sulat ni Pablo**

Ang Mga Taga Roma ay tinaguriang ang Katedral ng Cristianong Doktrina dahilan sa maliwanag at makapangyarihang pagpapaliwanag nito tungkol sa kaligtasan.Ang paksa nito'y ang pagpawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya.

**Ika-111 Tanong**

Hanapin ang Mga Taga Roma sa kalagitnaan ng Bagong Tipan. Basahin at salungguhitan ang pangunahing talata, Mga Taga Roma 5:1. Sinasabi ng talatang ito kung paano maliligtas (napawalang-sala o ginawang matuwid ng Diyos) sa pamamagitan ng

a) pagsunod sa mga seremonya ng Iglesya.
b) pananampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo.

**Ika-111 Sagot**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

**Mga Sulat ni Pablo**

Isinulat ni Pablo ang 1 at 2 Mga Taga Corinto sa mga iglesyang kanyang itinatag sa Corinto. Ang mga sulat na ito'y tungkol sa mga suliranin sa doktrina at asal sa iglesyang iyon.

**Ika-112 Tanong**

**Si Pablo ay sumulat sa mga Taga R .................. tungkol sa pagpawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya, at dalawang liham sa Mga Taga C ......................... tungkol sa mga suliranin sa kanilang pampurok na iglesya.**

**Ika-112 Sagot**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

---

**Mga Sulat ni Pablo**

Ang sumusunod na sulat, ang Mga Taga Galacia, ay may paksang katulad ng sa Mga Taga Roma — pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya. Binibigyang diin nito na walang sinumang makapagliligtas sa kanyang sarili sa pamamagitan ng mabuting gawa.

**Ika-113 Takdang Aralin at Tanong**

**Basahin ang Mga Taga Galacia 2:16, ang susing talata ng sulat na ito. Ang pagpawalang sala sa pamamagitan ng pananampalataya at hindi sa pamamagitan ng mga gawa ang paksang dalawang mga sulat ni Pablo:**

**a) Mga Taga Roma at Mga Taga Galacia**
**b) 1 at 2 Mga Taga Corinto**
**k) Mga Taga Galacia at 2 Mga Taga Corinto**

**Ika-113 Sagot**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

### Mga Sulat ni Pablo

Habang nakabilanggo si Pablo dahil sa pangangaral ng Ebanghelyo'y isinulat niya ang aklat na Efeso, Filipos, at Colosas. Ang mga sulat na ito'y tungkol sa pamumuhay Cristiano.

### Ika-114 na Tanong

**Mula sa bilangguan tatlong magagandang sulat ukol sa pamumuhay Cristiano ang naisulat. Ito'y ang:**

**a) Taga Roma, 1 at 2 Corinto**
**b) Taga Galacia, 1 at 2 Tesalonia**
**k) Taga Efeso, Filipos at Colosas**
**d) Mateo, Marcos, Lucas.**

### Ika-114 na Sagot

____________________

---

### Mga Sulat ni Pablo

Tinutukoy ng dalawang sulat sa Mga Taga Tesalonica ang mangyayari bago babalik si Jesus mula sa langit. Nasa 1 Tesalonica 4:13-18. ang tungkol sa Kanyang pagbabalik.

### Ika-115 Tanong

**Ang mga sulat ni Pablo sa mga iglesya ay**

**R ....................................**
**1 C ....................................**
**2 C ....................................**
**G ....................................**
**E ....................................**
**F ....................................**
**C ....................................**
**1 T ....................................**
**2 T ....................................**

### Ika-115 Sagot

____________________

**Mga Sulat ni Pablo**

Ang apat sa mga sulat ni Pablo ay personal. Ang dalawa ay kay Timoteo, isa kay Tito, at sa kay Filemon. Ang unang tatlo ay tungkol sa gawain ng mga pastor.

**Ika-116 na Tanong**

**Sina Timoteo at Tito ay mga kabataang kamanggawa ni Pablo na sinulatan niya tungkol sa**

**a) dapat taglaying katangian at gawain ng isang pastor**
**b) pagpapawalang-sala sa pananampalataya.**
**k) pagbabalik ni Cristo**

**Ika-116 na Sagot**

______________
______________
______________
______________
______________
______________

---

**Mga Sulat ni Pablo**

Bago pugutan ng ulo si Pablo dahil kay Cristo, sumulat siya bilang pahimakas kay Timoteo at pinagbilinan siyang maging matapat sa gawain ng Diyos. Basahin ang 2 Timoteo 4:5-8.

**Ika-117 Tanong**

**Alin sa personal na sulat ni Pablo ang kanyang ginawa bago siya patayin?**

**a) 1 Timoteo**
**b) 2 Timoteo**
**k) Tito**
**d) Filemon**

**Ika-117 Sagot**

______________
______________
______________
______________
______________
______________

**Mga Sulat ni Pablo**

Ang tumakas na alipin ni Filemon, si Onesimo, ay naligtas samantalang siya'y nakabilanggong kasama ni Pablo. Pinakiusapan niya si Filemon na patawarin si Onesimo at tanggapin siyang muli bilang kapatid kay Cristo.

**Ika-118 Tanong**

**Isulat ang pangalan ng apat na kaibigang personal ni Pablo na kanyang sinulatan. Guhitan yaong tungkol sa tumakas na alipin.**

**Ika-118 Sagot**

________________

________________

________________

________________

________________

________________

---

**Mga Sulat ni Pablo**

Ang susing salita sa Mga Hebreo ay higit na mabuti. Ito'y ipinadala sa mga Cristianong Hebreo upang ipakita sa kanila na ang bagong kasunduan ay higit na mabuti kaysa sa kautusan.

**Ika-119 na Tanong**

**Si Cristo at ang Kanyang bagong kasunduan sa ebanghelyo ay higit na magaling kaysa sa kautusan ng Matandang Tipan. Ito ang siyang paksa ng**

**a) Mga Taga Roma**
**b) 1 Corinto**
**k) Hebreo**
**d) 1 Timoteo**
**e) Filemon**
**f) Tito**

**Ika-119 na Sagot**

________________



## Mga Sulat Ni Pablo

Ipinahahayag ng sulat sa mga taga Hebreo kung paanong ang lahat ng mga makahulugang seremonya at mga paghahandog sa ilalim ng Kautusan ay naglalarawan kay Jesus ng paghahandog na nauukol sa ating mga kasalanan at ng ating Dakilang Mataas na Saserdote.

## Ika-120 Tanong

**Isulat ng sunod-sunod at ihambing sa talaan ng mga nilalaman ang mga pangalan ng apat na Ebanghelyo, ang siyam na mga sulat ni Pablo sa mga Iglesya, ang apat na personal na mga sulat, at ang aklat sa mga Cristiang Hebreo.**



**Ika-120 Sagot**

## Pangkalahatang Mga Sulat

Ang mga sulat ni Pablo ay nagtataglay ng pangalan ng mga taong kinauukulan, samamtalang ang Pangkalahatang Mga Sulat ay nagtataglay ng mga pangalan ng mga taong sumulat niyon.

## Ika-121 Takdang Aralin at Tanong

**Hanapin ang Mga Sulat na ito sa iyong Biblia: Santiago; 1 at 2 Pedro; 1,2,3, Juan; Judas. Ang mga sulat na ito ay pinangalanan para sa**

**a) mga taong tumanggap nito.**
**b) mga taong sumulat nito.**

**Ika-121 Sagot**

_______________

_______________

_______________

_______________

_______________

**Pangkalahatang Mga Sulat**

Itong si Santiago ay pastor ng iglesya sa Jerusalem at maaaring siya'y kapatid ni Jesus. Si Santiago na kapatid ni Juan ay napugutan na ng ulo.

**Ika-122 Takdang Aralin at Tanong**

Dalawang magkapatid na lalaki ang kabilang sa mga sumulat ng Pangkalahatang Mga Sulat. Basahin ang Mateo 13:55, at Judas 1. Sila ay sina:

a) Pedro at Juan
b) Santiago at Juan
k) Santiago at Judas

**Ika-122 Sagot**

---

**Pangkalahatang Mga Sulat**

Itinuturo ni Santiago na ang buhay na pananampalataya kay Cristo ay magbubunga ng mabuting gawa. Hindi tayo inililigtas ng ating mga gawa, subali't kung tayo ay ligtas, gagawin natin ang ating makakaya para sa Diyos at sa Kanyang bayan.

**Ika-123 Takdang Aralin at Tanong**

Hanapin at basahin ang Santiago 1:22, 2:20 Itinuturo dito ni Santiago na:

a) tayo ay naligtas sa pamamagitan ng mga gawa. Hindi sa pamamagitan ng pananampalataya.
b) ang buhay na pananampalataya ay nagbubunga ng mabuting mga gawa.
k) hindi mahalaga kung paano tayo nabuhay.
d) ang pananampalatayang walang gawa ay sapat na.

**Ika-123 Sagot**

**Pangkalahatang Mga Sulat**

Ang liham ni Pedro ay nagbibigay ng pag-asa sa mga pagtitiis ng mga Cristiano at paalaala na ang Panginoon ay muling babalik upang magbigay ng gantimpala sa kanilang katapatan.

**Ika-124 na Tanong**

Ang pitong Pangkalahatang Mga Sulat ay:
S ..................................
1 at 2 ..............................
1,2 at 3 Juan, at Judas

**Ika-124 na Sagot**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

---

**Pangkalahatang Mga Sulat**

Si Juan, ang sinisintang alagad, ay nabuhay ng pinakamatagal sa labindalawang alagad at sumulat ng limang Aklat ng Biblia; ang kanyang Ebanghelyo, tatlong Mga Sulat at ang Pahayag.

**Ika-125 Tanong**

Ang tatlong Mga Sulat ni Juan ay isinulat ni
a) Juan Bautista
b) Juan Wesley
k) Juan, ang sinisintang alagad
d) Juan XXIII
e) Juan Bunyan

**Ika-125 Sagot**

